


ANO ANG GAGAWIN KO KAY JESUS NA TINATAWAG NA CRISTO?

 Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Vayle. Magandang umaga, mga kaibigan. Lagi po akong huli. Nabanggit sa akin ni Billy na mayroon ako, ngayong umaga, at mayroon daw akong nasa tatlungupong pribadong pakikipanayam, at naasikaso ko na ang dalawa nun, kaya po, sa palagay ko 'yung dalawa o tatlo nun. Kaya hindi ko mapaunlakan ang lahat, alam n'yo, at naghihintay ang mga tao, at nasa listahan sila't naghihintay nang mga buwan at buwan na rin. At ang Panginoon ay nagpapangyari ng ilang dakilang mga bagay roon. Oh, Siya'y—Siya'y ang ating Diyos. Hindi po ba?

² Ngayon tiyak ako, na sa umagang ito, ay nabalitaan na nating lahat ang malaking kalungkutan na nangyari sa bansang ito, ang pagkawala ng ating Presidente, si G. Kennedy. Gayong di ako sang-ayon sa lalaking ito sa kanyang pulitika at sa kanyang relihiyon, pero sa kabila n'yan ay hindi siya nararapat na mamatay na katulad nun. Hindi. At iiwan ang mumunting mga bata na 'yun, na walang tatay. At isang nanay na . . . si Gng. Kennedy, gayong tunay po na hindi ako sang-ayon sa kanya, at sa mga gawi't mga bagay-bagay niya, marahil, pero, alalahanin n'yo, siya'y isang nanay. Nawalan siya ng mga anak, at ngayon ay nawala naman ang kanyang asawa. At bumagsak siya sa kanyang kandungan, at 'yung mismong dugo ng kanyang asawa'y umagos sa kanyang kandungan. Nakakakilabot.

³ Napapaisip ba kayo . . . Kung minsan naiisip natin na siya ang nagtatakda ng lakad ng ating bansa, pagdating sa mga uso't mga bagay-bagay. Marahil ganoon, nga. Pero alam n'yo ba, hindi pa nakapakinig si Gng. Kennedy ng isa sa mga Mensahe na ipinapangaral ko tungkol dun? Kung nakapakinig marahil siya ng isa sa Mensahe na 'yun, marahil iba ang ikikilos niya. At samantalang ang ilan sa ating mga kapatid na babae'y napapakingan na ito, at hindi pa rin sila tumatalima roon. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Lumaki siya na isang Katoliko; 'yun lang ang lahat na nalalaman niya. Wala nga akong anumang laban dun, kita n'yo. Siya . . . Sistema kasi 'yun. Wala akong anumang laban sa mga tao, sa mga Katoliko. Sistema kasi 'yun, ang sistemang Katoliko, katulad ng Presbyterian, Methodist, o alinman sa kanila, kita n'yo, o Pentecostal, alinman sa mga ito. Ang sistema po, hindi ang mga tao.

4 Si G. Kennedy, sa palagay ko, naging mainam ang—ang pagtupad niya ng tungkulin bilang Presidente. Taos-puso akong nakikiramay sa kanyang asawa. At talagang nalulungkot ako sa bagay na 'yun, na kahit ang ating sariling bansa mismo, ang mga kriminal at iba pa sa ating bansa, ay gagawa ng isang bagay na tulad nun.

5 Kung hindi ka sang-ayon sa isang tao, siyanga, at may sarili kang tayo; haya't di sapat na rason 'yan para patayin mo ang isang tao, dahil lang sa mga bagay na tulad n'yan. At maging 'yung maliliit na bata'y nakakaalam na sila, sabi, 'yung isang munting bata'y ang sabi, "Ngayon wala na akong makakalaro. Wala na si Tatay." Kita n'yo?

Kaya lagi kong naiisip na magiging ganyan din ang estado ko, balang araw. Halos makailang beses na ring nangyari 'yun, gaya ng nalalaman n'yo, na ako'y babarilin sa ibang bansa; hayan nga na isinasanggalang nila ang katawan nila sa akin, para hindi ako mabaril, mula sa malayo.

6 Kaya kung ang isang tao ay mamamatay na gaya n'yan. . . Pero, 'yan nga ang—ang halagang-bayad, na kalakip nung kabantugan sa iba't ibang mga bagay. Kita n'yo? Sa palagay ko halos sa bawat ikaapat na Presidente, o isa sa apat, ay pinapatay, at nalulungkot ako dun. Nakakahiya na mayroon tayong ganyang tao sa Amerika, na gagawa ng bagay na katulad nun.

7 At ngayon, sa kabila ng, gaya ng nasabi ko, na ako'y—ako'y di sang-ayon sa kanyang pulitika. Ako'y. . . Hindi ako, hindi sang-ayon sa kanyang mga ideya ukol sa mga bagay na sinisikap niyang gawin. Pero, kita n'yo, tao rin naman siya. At hindi ako sang-ayon sa sistema ng kanyang relihiyon. Ako'y—ako'y tunay na hindi sang-ayon dun. Pero, sa kabila n'yan, siya'y—siya'y pinalaki sa ganoon. Ganoon—ganoon nga 'yun. Gaya ng sinabi ko, marahil kung iba ang napapakinggan niya, marahil iba nga.

8 May isang—isang bagay tayo rito na ginagawa natin, na sa tuwing isa sa mga kababayan natin ang namamatay, o kung ano, kahit na nasa labas. . . Sa palagay ko bilang isang—bilang isang iglesya sa Amerika, bilang isang katawan na binubuo ng mga Amerikano. . .

Binoto ng taumbayan ng Amerika si G. Kennedy bilang Presidente. At 'yun ay. . . Yan ang dahilan kung bakit nasa isang demokrasya tayo. Hindi ko binoto si G. Kennedy. Ang binoto ko ay si G. Nixon, dahil kilala ko si G. Nixon, nang personal. At gusto ko—gusto ko siya, at siya ang aking—siya ang aking ibinoto, sa personal na kadahilanan, dahil gusto ko siya. Pero ang taumbayan ng bansang ito, ang mga Amerikano, ang mga kapwa ko mamamayan ng bansang ito, ay bumoto kay G. Kennedy. At 'yung paraan na ginawa nila 'yun, buweno, 'yun nga'y sa pagitan na nila't ang Diyos, anupa't 'yun na nga 'yun.

9 Pero iniisip ko nga, alang-alang sa nanay na ito, na isang tao mismo, isang nanay ng mga anak, si Gng. Kennedy, maaari po ba tayong tumayo muna pansumandali para ipanalangin siya?

10 Panginoong Jesus, kami na mga tao, kami'y may damdamin sa bawat isa. At kami'y humihingi ng paumanhin, Panginoon, na ang aming Presidente'y binaril nang ganoon, na walang habas na pagpatay. At kami'y humihingi ng paumanhin na ang aming bansa'y nasadlak sa ganitong kalagayan, na may mga taong gaya nun na nasa—nasa aming bansa, na papatay ng isang kapwa tao na walang habas; gaya ng pagkakabaril nila sa isang itim na kapatid di pa katagalan, at binaril siya nang walang habas, dahil sa diskriminasyon. At kami'y humihingi po ng paumanhin na may mga ganoong tao sa piling namin, Panginoon. Kami, ang aming kahinaan, ang nagbunsod nito.

11 At nananalangin po kami para kay Gng. Kennedy, ang maybahay po, ng Presidente. At batid namin na ang mumunting mga anak na 'yun ay naghihintay sana sa kanilang—kanilang tatay, na iniwan sila mga ilang araw bago 'yun, na isang masayang lalaki, at nakipagkulitan at nakipaglaro pa sa kanila sa sahig. Ngayon wala na silang tatay. At para sa babaing 'yun...na kanyang maybahay, anupa't ang sarili niyang asawang lalaki'y bumagsak sa kanyang kandungan, at ang dugo niya'y umagos sa kanyang blusa; na kalilibing pa lang ng kanyang anak.

12 At sa kabila nun, Panginoon, marahil kami'y naniniwala na ang babae'y nasa mali, dun sa—sa—sa pamamaraan niya ng pagtatakda ng lakad ng bansa, ukol sa pananamit at iba pang pinauso; pero 'yun—yun nga'y dahil na rin sa taumbayan ng Amerika, sa kabuuan, sila, 'yun din kasi ang nais nila. Kaya aming—aming ipinapanalangin siya, sa umagang ito, na Iyo pong lilingapin siya. At nawa may oras sa matinding pangungulila na ito na kanyang masusumpungan ang bagay na Katotohanan, si Jesus Cristo! Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, ang Isa Na tanging makapagbibigay ng kapayapaan at kaaliwan sa oras na ito ng kagulumihan.

13 At Iyo rin po kaming tulungan, Panginoon, na magpatuloy, nang buong puso namin, na isang nagliliwanag na ilaw, yamang di namin alam kung anong oras o anong impluwensya ang maibabahagi namin sa iba. Iyo pong ibunsod na aming papaliwanagin ang Liwanag ni Cristo hanggang sa Kanyang pagbabalik. Pagkatapos ang Dakilang Pastol ng kawan, na Siyang nakakabatid ng lahat ng katarungan, ay magdadala sa bawat kasalanan sa kabayaran, at nalalaman Niya mismo kung paano ito gagawin. At habang hindi pa dumarating 'yun, aming itinatagubilin ang aming mga sarili sa Iyong mga kamay, para sa Iyong pag-ibig at habag sa amin. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

14 Oo, naniniwala ako na walang tao ang nararapat mamatay nang tulad nun. Ngayon, hindi rin nararapat mamatay si G.

Lincoln nang gaya nun. Hindi nararapat si G. McKinley na mamatay nang gaya nun. Hindi nararapat si Huey Long na mamatay nang gaya nun; wala nga maski isa sa mga lalaking ito. Hindi ako naniniwala sa ganoon. Ang pagpatay, masama 'yan. Ang mga kalalakihan natin ay hindi nakipaglaban sa ibayong-dagat para sa isang bagay na gaya n'yan. Ang ating watawat ay hindi itinaas para sa isang bagay na gaya n'yan. Hindi tayo mamamayan ng Amerika para sa isang bagay na gaya n'yan. Hindi, Gayon, ang ating bansa'y pinilipit at binaluktot sa kasalanan, 'yan nga—'yan nga mismo ang nagbubunsod ng mga bagay na ito. Yung kasalanan nga.

¹⁵ Ngayon, ngayong araw na ito mayroon tayong . . . Magtuturo po ako ng Sunday school, at may dalawang bagay lang po ako na gusto kong banggitin sa iglesya. At 'yun po'y, ang una, nais ko pong pagpasensyahan n'yo na ako't pinahihimpil ko kayo nang matagal kapag Linggo ng umaga sa tuwing ipinapangaral ko ang mga Mensaheng ito. At mangyari nga na kung loobin ng Panginoon . . . Ang dahilan kung bakit ko po ginagawa 'yan, ay dahil ako—ako'y narito sa piling ng mga miyembro ko't ako'y—ako'y nagtuturo ng mga doktrina nang kasing tapang at diin na gaya ng nalalaman ko kung paano. Hindi ko itinuturo ang mga doktrinang ito sa ibang lugar. Ako'y naglulumagi mismo sa—sa mga pangunahing panimulain ng Ebanghelyo. Pero ang matatapang po na doktrina, hindi ko—hindi ko itinuturo sa labas sa—sa ibang mga lugar. At mangyari rin, dito, inaabot ako nang isang oras, kung minsan pa nga, dalawa o tatlong oras, para maitawid ko ang Mensahe ko. At pinatatagal ko kayo rito kung minsan, nang alas dose y media, ala una. At mumunting bagay pa lang 'yan na kinasanayan kong gawin. Na ako'y buong gabi mismo na naglulumagi, halos, kung minsan. Inaabot ako, kapag nagsisimula tayo, maraming beses, ng alas otso at uuwi nang kinaumagahan na ng alas dos o alas tres, ganoon nga, mula sa mga pagtitipon.

¹⁶ Pero akin—akin—aking sisikapin, kapag ako'y nakabalik uli sa inyo, at siguro'y isang—isang munti lang na . . . isang pangangaral lang sa halip na mas nakahilig sa pagtuturo nito, maliban na lang kung ipaalam ko sa inyo nang mas maaga na 'yun nga'y paganoon, dahil, may Pitong Trumpeta pa ako, sa palagay ko, na tatalakayin pa, na dumudugtong sa Ikaanim na Tatak. Noong ang Ikaanim na Tatak ay tumunog, ang buong Pitong Trumpeta ay tumunog nang sabay, kita n'yo. At kaya tayo . . . Nais kong talakayin 'yan sa Iglesya bago ang Kanyang Pagparito, kung . . . o bago ang paglisan ko, o kung anuman, kung makakaya ko.

¹⁷ Ngayon, kung gagawin natin 'yan, mangyari nga na aabisuhan namin kayo nang maaga-aga. At marahil pagkatapos, gaya ng nakikita natin ngayong umaga, puno ang buong bulwagan, at hanggang sa mga dingding, at buong paligid,

sisikapin natin. . . May nakuha tayong lugar ngayon na maaari nating pagdausan dito. Nasa tatlong libong dadalo ang kayang iupo nun, at isang kaaya-ayang awditoryum po ito ng eskuwelahan na nariyan lang sa paitaas dito. At ang Pitong Trumpeta, sisikapin nating ipangaral ang mga ito roon sa eskuwelahan. At marami po ang mauupuan dun, kita n'yo, kaya mapagkakasya natin ang mga dadalo.

¹⁸ Nais namin ibalita, na doon sa New York, kami po'y nagtamasa ng maluwalhating panahon. Ang Morris Auditorium po roon, may mga tao kaming pinauwi, gabi-gabi. Masyado nang siksikan. Yung bumbero. . . Yung lalaki na may-ari nung lugar. . . Ipapasara raw kasi ng hepe ng bumbero 'yung lugar kung hahayaan namin 'yung mga tao na tumayo roon, na maging siksikan ng gaya nun. At kaya pinauwi namin sila. At may mga tao po sa kalsada, palakad-lakad nang paroo't parito sa kalsada, nananalangin na may mapagod at tatayo at lalabas, nang sa gayon makapasok sila't makahanap ng mauupuan. Kita n'yo? Kahit isang tao lang, naghihintay sila mismo na may isang tao, para makapasok. At 'yung isa na kasunod ay naroon na mismo sa may pinto, at pagkatapos papapasukin nila 'yung isa na 'yun kapag ganoon na. Kapag may tatayo at lalabas, na kailangang umuwi nang maaga, buweno, papasok sila tapos dalawa silang uupo sa isang 'yun. Kita n'yo, makapasok lang sila. Sila po'y napaka inam, na mainam na grupo ng mga tao. At naniniwala akong ang mundo, ang iglesyang Cristiano, ay nagugutom para sa Diyos.

¹⁹ Ngayon ako'y—ako'y—ako'y umaasa na. . . Salamat, kapatid. Ako'y—ako'y umaasa na—na ipagkakaloob sa atin ng Diyos ang oportunidad na ito, kung saan maaari tayong makapagtipon-tipon na sama-sama at talakayin ang huling Pitong Trumpeta na 'yun. Hangad ko talaga na mapangunahan na gawin ang mga bagay na 'yun, para malaman n'yo.

²⁰ Pagkatapos sa agahan ng gawain ng Business Men. . . Kadalasan, 'yung sangay nila roon, sa pagkakaalam ko nabanggit nila na mga nasa limampu hanggang sandaan ang dumadalo sa kanilang agahan. At nung umagang 'yun ay nakabenta sila ng labimpitong daang mga tiket, at inokupahan ang buong lugar mismo, pinuno ang lugar. At bawat pasilyo, at hanggang sa mga dingding na mismo, at sa paakyat-baba ng mga hagdan, nakatayo na ang mga tao. At may ilan na matataas-ang-ranggo na mga ministro, may dalawang pari, at—at iba pa, na naroon para makapakinig sa Mensahe. At kaya, nauunawaan ko, sa tingin ko ay nakatulong 'yun nang kaunti. Nakagawa 'yun marahil ng ilan—ilan pa, na mas mainam kaysa sa inaakala natin na kalalabasan.

²¹ Ngayon, sige't, ngayong gabi ang. . . Tayo po'y tatalakay ng. . . ang Mensahe ngayong gabi, loobin ng Panginoon, ay sa—sa paksa ng—ng paano, ang tungkol sa mga relasyon n'yo kay

Cristo. At ngayon 'yun po'y. . . Maiksi lang ito. Nais nating simulan na, nais ko na nasa entablado na ako ng alas siyete y media. Kung. . . Anong oras ba tayo kadalasan na nagsisimula, alas siyete y media ba? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Nagsisimula tayo ng alas siyete y media, pero magsisimula tayo ng alas siyete."—Pat.] Oh, alas siyete, at ako'y nasa entablado na ng alas siyete y media, at ang ibig sabihin ay dapat tapos na ako ng alas otso y media, kung loloobin ng Panginoon, dahil akin—akin ngang. . . Sisikapin ko na bilisan sa abot ng makakaya ko, at sisimulan ko na ngayon na masanay.

²² Tapos isa pang bagay, haya't, marahil marinig ng mga baguhan ang mga tao na matatawa. Dahil, ako po'y nagtatangka na umalis mula rito, pero di ko lang magawa. Medyo ano lang po. . . Sana hindi kawalan ng galang ang dating nito, pero laging sinasabi ng nanay ko noon, kapag ang mga tao'y nagkukumpulan na parang ganyan, para raw itong batad na pulutipot sa malamig na umaga. Alam n'yo, makapal, at dahan-dahan ang pagtulo. At mangyari po na parang ganoon ito. Dahan-dahan talaga ako sa mga Mensaheng ito, dahil ang—ang katamisan ng tubó ng Diyos, alam n'yo, ang nagpapakapal sa atin na magkumpol-kumpol nang sama-sama. At hindi ko—di ko—di ko, hindi ko nais ng anupamang ibang paraan. Nais ko—nais ko po talaga nang paganito. Kung saan, naaalala kong tumatayo tayo noon at inaawit ang awitin na ito:

Pagpalain ang taling nagbubuklod
Sa ating mga puso sa pag-ibig na Cristiano;
Ang ating pakikipagbuklod sa iisang kaisipan
Ay tulad ng sa Kaitaas-taasan. (Kita n'yo?)

Sa panahong tayo'y naghiihiwalayan,
Nagdudulot sa atin ng sakit ng kalooban;
Subalit tayo pa rin sa puso'y magkadugtong,
At umaasang sa muli'y magkakatagpo-tagpo.

²³ At umaasa ako—umaasa ako na 'yan sa tuwina ang ating—ating layunin dito. Marami sa mga matatandang banal na 'yun ang nahimbing na mula noon, pero tayo'y magkakadugtong pa rin sa puso. At naisip ko ang pangitain na 'yun noong umaga na 'yun, ang makita sila sa dako roon, at ang pinagpala't luwalhati ng kabataang katayuan ng mga kalalakihan at mga kababaihan, na ang itsura nila'y parang sila noon dito, noong narito pa sila noon sa lupa. Sa palagay ko sila'y naghihintay nga sa ating pagdating. Balang araw sasama na tayo sa kanila, loobin ng Diyos. Ngayon ako—ako. . .

²⁴ At alalahanin n'yo ang mga gawain, ang mga gawain ng awitan ay magsisimula ng alas siyete ng gabi, sa halip na alas siyete y media.

At pagkatapos, sa susunod na sanlinggo, ako'y nasa Shreveport, Louisiana, at doon sa Life Tabernacle sa Shreveport,

Louisiana. At sa palagay ko ay sinusubukan nilang arkilahin ang awditoryum na nasa tawid lang ng kalsada. Tumawag si Kapatid na Moore kagabi, sabi sila'y . . . Taunang kombensyon daw ito, at inaasahan nila ang malaking bilang ng mga dadalo.

²⁵ Nais ko lang magbigay ng maikling patotoo bago ko basahin ang Mga Kasulatan. May—may binibini na nakaupo rito noong isang araw, may . . . Sasabihin ko sa inyo ang impluwensya kapag may tao na nananalangin para sa iba. Nagkataon po na napatanaw ako at nakita ang isa pang ginang na aking . . . si Margie Cox, ang maybahay ni Kapatid na Rodney Cox na nakaupo rito. At noong nakaraang sanlinggo, sa palagay ko nga, noong narito kami, ang Espiritu Santo po'y tumatalos sa buong gusali, alam n'yo, mga bagay na nasabi ng mga tao. At siya'y nakaupo . . . Nakaupo siya rito ngayon. Pero siya nga'y naroon sa banda ryan kung saan. At ako'y—ako'y napatanaw, at may binibini na—na tinawag, na may sugar diyabetis. At si Margie ay . . . At sa pangitain na 'yun ay si Margie nga. At si Margie ay nakatayo nga roon; at sa kabila nun ay napatanaw ako, nakita ko siya, at 'yun po'y isang . . . At sa isip-isip ko . . . At tumingin ako't nakita ang isa pang babae na ito, at si Margie ang naroon sa pangitain na 'yun, pero ang Liwanag ay nasa ibabaw ng babae na 'yun. Kaya aking—aking minatayagan.

²⁶ At sa isip-isip ko, “Buweno, kung tatawagin ko si Margie, sasabihin nila, ‘Siyempre, naman, siyempre.’ May nakakakilala kasi sa kanila, na sasabihin, ‘Siyempre, siya—siya, ang kanyang—kanyang asawang lalaki’y isa mismo sa kanyang—kanyang pinaka matalik na kaibigan, magkasama sila ng tirahan, magkasama silang matulog, magkasama silang mangaso, at—at lahat na, siyempre, naman, alam niya ang tungkol dun.” Pero hindi 'yun alam ni Margie. Pero tinawag ko 'yung isa pang binibini, na isang . . . Sa paniwala ko, isang kapatid na babae mula sa Chicago, gaya ng nalaman ko pagkatapos.

²⁷ Pero pagkatapos nga'y dumating, na dun sa kanyang . . . sa pabrika, sila'y nagsusuri ng diyabetis. At—at siya'y may diyabetis. At mangyari nga na siya'y nasa biyahe niya, noong araw bago ang kahapon, papunta sa klinika para magpasuri dun. At—at kaya nung binanggit niya 'yun, akin ngang sinaysay 'yung memorya niya sa bagay na ito. Tapos sabi ko, “Halika rito, Kapatid na Margie.” At sinabi ko sa kanya kung papaanong namamanhid siya sa kanyang mga kamay, at—at 'yung kanyang talagang masamang pakiramdam na 'yun.

Yung munting ginang ay nagtratrabaho nang araw at gabi, halos, sa dako roon, para . . . tapat na munting nanay, para tulungan ang kanyang asawang lalaki para bayaran ang kanilang tahanan na kanilang sinisikap na ipatayo. At—at siya at ang munti niyang kapatid na babae, si Nellie, at si Charlie, na kapatid na lalaki ni Rodney, tapos ang kanyang maybahay, at lahat sila'y nagtratrabaho nang magkakasama sa mga pabrika

na 'yun doon, nang buong sikap na makakaya nila. At tinitii ang panunuya, kanilang pinahahaba ang kanilang buhok, at hindi sila nagme-meykap, mga bagay na katulad nun, yamang naging mga Cristiano. Naniniwala ako na dapat ibigay ang pagpaparantal kung saan karapat-dapat ang pagpaparantal. At ako nga'y tunay na may mainit na dako sa aking puso para sa dalawang kabataang babae na ito.

²⁸ At pagkatapos ay hinawakan ko siya sa kamay at ipinanalangin siya. At nagtungo siya roon, at wala na silang makitang bakas man lang ng diyabetis kahit saan. Nawala 'yun, mismo.

Yung binibini na nakaupo rito kung saan, na tinawag, at isa po 'yung kapatid na babae na nagngangalang Bruce. Hindi ko siya nakikita ngayong umaga, pero lagi siyang. . . Isang babae nga siya na nararapat ipanalangin. At dumalo ang babaing ito at, noong huling narito ako, at walang—walang mga prayer card na naipamigay, o anuman, kaya wala mismo, walang pila para sa pananalangin, kaya kanila na lamang. . . Ang Espiritu Santo'y tumawag mismo sa mga tagapakinig.

²⁹ At ang munting Binibining Bruce, siya'y—siya'y pinagaling na nang minsan, mismo, mula sa kanser. At siya—at siya lagi'y may pasan sa kanyang puso para sa ibang tao, at siya'y nananalangin mismo. At may isang ginang mula sa Louisville, na naghihingalo na, may kanser sa kanyang lalamunan. At habang ang binibini'y nananalangin, ang Espiritu Santo'y dumako mismo sa babaing 'yun, tinawag siya, at may bagay na ginawa Ito, sinaysay sa kanya kung sino siya, sinaysay sa kanya, pala, kung sino siya, at kung ano ang problema niya, at ang tungkol sa kanyang kanser, at sinabi sa kanya, na ito'y gagaling na. At ang munting ginang ay umuwi na.

Dalawang araw pagkatapos nun, siya nga'y bigla-bigla na lang nabilaukan na ikamamatay na niya, halos, haya't namaga nang husto ang lalamunan niya. Umubo siya nang malakas, at 'yung kanser ay lumabas mismo. At siya'y ganap na gumaling na. Kita n'yo?

³⁰ Anong nangyari, kita n'yo, 'yung bukol, mismo, ay isang malignant na may buhay sa loob nun. Kita n'yo? *Kanser*, na galing sa—sa salitang, medikal na termino, na ang ibig sabihin ay “alimango,” na ang ibig sabihin ay marami itong mga paa, gaya ng—ng alimango na makukuha n'yo sa dagat at—at sinisipsip nito ang dugo n'yo mula sa inyo. At itong malignant na bukol na ito sa kanyang lalamunan, 'yun nga, 'yun mismo ang ginagawa nito roon.

Ngayon, kita n'yo, hindi 'yung tumubong bukol ang pinupunterya ko. Ang pinupunterya ko ay 'yung buhay na naroon sa bukol. Kita n'yo? Yung buhay na naroon sa tumubong bukol ang pinupunterya natin. Kita n'yo? “Sa Aking Pangalan

sila'y magpapalayas ng mga diyablo.” Ang ibig sabihin ng salitang *diyablo* ay “tagapagpahirap,” katulad dun na naroon sa katawan. At ito'y isang diyablo. At pagkatapos noong ang buhay ay lumabas mula dun sa bukol, hayan nga, 'yun ang unti-unting nagpamaga doon sa bukol.

³¹ Katulad na lang ng munting aso na nasagasaan sa kalsada, na parang ganoon, kung mapapabayaang 'yun na nakabilad sa araw nang ilang araw, pagkatapos nga, haya't lalaki 'yun nang doble sa laki nito.

Buweno, 'yun 'yung nagpapalala sa munting babae. Maraming beses ko na itong naipaliwanag. Kung lumalala kayo, pinaka senyales 'yan na kayo'y gumagaling, kita n'yo. At hayan nga na palala nang palala, at nabibilaukan siya, dahil namamaga ito. At 'yung. . . Pero nailabas na nun, 'yung buhay ay wala na roon. At 'yung pag-ubo niya nang paganoon, kita n'yo, [Umuubo si Kapatid na Branham—Pat.] *gumanoon*, lumabas, kumawala mula sa laman niya mismo. At 'yung patay na bagay na 'yun, laman na lang na walang buhay, 'yung kanser ay wala na, lumabas na mismo, kita n'yo, nailuwa.

³² Kaya, 'yung bagay na 'yun, laman 'yun na lumabas. Hindi 'yun 'yung diyablo na lumabas. Yun 'yung tirahan na pinanahanan niya. Lumabas ito dahil 'yung pananampalataya nung babae ay naroon sa bagay na sinaysay sa kanya, sa pagkakabatid na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, 'yun 'yung pumatay sa kanser, inalisan ng buhay.

Ngayon, marahil bumalik siya sa doktor, at ang sabi ng doktor, “Kalokohan, 'yung—'yung—'yung bagay na 'yun ay nananatili pa rin diyan nang ganoon pa rin sa dati.” Pero tama naman, 'yung bukol ay naroon, pero wala na 'yung buhay, haya't wala na dun. Kita n'yo?

³³ Ngayon, paano naman kaya kung sa isang dako 'yun na 'yung bagay na 'yun ay di—di 'yun makakalabas?

Yan ba 'yung litrato? [Sinasabi ni Kapatid na Neville kay Kapatid na Branham, “Yan 'yung litrato nung bukol na lumabas kay Gng. Baker, na taga-roon sa Springville, Indiana. At siya. . . Ito 'yung pinalaking litrato, na kanyang iniluwa, matapos ang pananalangin.”—Pat.] Heto ang litrato nung bukol mula kay Gng. Baker, na taga-Springfield, Indiana, na iniluwa, matapos ang pananalangin. Yan 'yung litrato nun. Kita n'yo, 'yan 'yung laman na tinirhan ng diyablo.

Katulad mismo na kayo'y nabubuhay sa katawan na ito na kinabubuhayan n'yo; marahil 'yan ay maliit, malaki, pula ang buhok, itim ang buhok, kung anuman ito. Kita n'yo? Alinman sa ang diyablo ang nananahan sa katawan na ito, o si Cristo ang nananahan sa katawan na 'yan. Buweno, kaya naman kapag ang

buhay na 'yan ay lalabas mula riyon, ang katawan mo'y nariyan pa rin sa lupa, kita n'yo, pero ang buhay ay wala na roon.

Kapag lumabas na ang buhay, ang katawan ay nananatili pa rin diyan. At pagkatapos nga'y kumawala ito mula sa kanyang katawan at nailuwa, 'yung laman ay lumabas.

Pero kung sa dako mismo na hindi ito mailuluwa, kung ganoon nga'y kokolektahin ng puso mo ang patay na bagay na 'yun at lilinis ang dugo, sa bawat pagkakataon na titibok ito. Magdudulot 'yun ng lagnat, at lahat na, dahil isa 'yung impeksyon. Kita n'yo? At kailangan ng puso n'yo na... Sa palagay ko nililinis ng puso ang dugo habang dumadaan ito. Tama ba, Kapatid na babaing Dauch? Sa palagay ko'y tama nga. Ang puso, sa tuwing titibok ito, ito'y naglilinis. Narito po ang isang nars, alam n'yo, at may isa pa na nakaupo rito sa harap niya. Nili-... kinokolekta 'yung... At 'yun ang nagdudulot ng lagnat mula sa impeksyon. Palalalain nun ang impeksyon at—at paiiralin ang isang lagnat.

³⁴ Ngayon, ang mga tao, kita n'yo, ito'y pananampalataya n'yo nga. Hindi ito kailanman damdamin n'yo. Walang kinalaman, kahit na ano pa, kung ang kamay ko man ay tuwid. Wala nga 'yung anumang kinalaman dun. Ang pananampalataya ko ang nagbunsod nun. Kita n'yo? Sa harap mismo natin, nakikita natin ang larawan ng isang ganap nang pinagaling na tao, sa pamamagitan ng pananampalataya. At pagkatapos unti-unti tayong humahakbang hanggang sa makakarating tayo sa pagkatao na 'yun, at sadyang tutungo mismo roon. Kita n'yo? Hayan nga. At 'yun, 'yun ang may gawa nun, ang pananampalataya n'yo; hindi ang pakiramdam n'yo. Ang pananampalataya n'yo nga. Kaya't ang pasasalamat at papuri ay sa Diyos!

³⁵ Ngayon pansumandali muna po tayong manalangin, at may paksa tayo rito na nais nating isaalang-alang, at kaunting panahon na makikiugnay ang Diyos sa atin batay rito.

At, ngayon, at pagkatapos kung may ilan sa inyo na kailangang umuwi sa umagang ito, at hindi kayo makakadalo sa gawain sa gabi, loobin ng Panginoon, nais kong—nais kong makaparito muli. Ang pamilya po'y babalik sa sanlinggo ng Pasko. At pagkatapos, sa Linggo pagkatapos ng Pasko, loobin ng Panginoon, nais kong ipangaral ang Pamaskong Mensahe ko rito sa tabernakulo; sa Linggo pagkatapos ng Pasko. Loobin ng Panginoon, ang teksto ko'y, *Ang Palaboy Sa Lansangan*.

Kaya iyuko na natin ang ating mga ulo ngayon at mag-alay ng panalangin bago natin basahin ang teksto.

³⁶ Panginoong Jesus, Ikaw po'y mapaging malapit sa amin sa oras na ito. At alam namin na mahirap sa aming munting simbahan, at sa ganitong oras na marami ang nakatayo. At—at kami'y naparito na hindi kaginhawaan ng lugar ang ipinunta,

na magdudulot sa amin ng pisikal na kaginhawaan, dahil hindi naman po kumportable. At hindi po kami naparito para makita kami. Bagkus kami'y naparito nang sa gayon ay maramdaman namin ang Iyong Presensya. At batid namin na Ikaw ay narito. At kami'y naparito para maituwid. At kami'y narito, na nalalaman na kami'y nasa bahay ng Diyos. At mainam po ang pakiramdam namin na makaparito, kahit na gaano pang hindi kumportable, nakatayo, at—at siksikan ang pagkakaupo, anupa't kami'y narito dahil aming—aming nararamdaman na ang Diyos ay narito.

³⁷ At marahil ay ganoon din sa naramdaman nung binatilyo noong gabi na 'yun, noong si Pablo ay mangaral nang buong gabi, grabeng haba ng mensahe nun, na marahil mula sa paglubog ng araw hanggang sa pagsikat ng araw, kinaumagahan na. At 'yung kabataang binatilyo na ito'y nakaupo sa itaas, nahulog siya at inakala nila na wala na siya. At si Pablo'y ipinatong ang kanyang katawan sa ibabaw niya, at 'yung Espiritu ng Diyos na naroon sa mensahero ay ibinalik ang espiritu ng buhay sa katawan ng binatilyo. At ang sabi niya, "Magiging maigi na siya," at ang kabataang lalaki'y nabuhay. Siya'y interesadong-interesado sa bagay na ipinapangusap ni Pablo.

³⁸ At, Diyos, kami po'y interesado sa umagang ito sa kung ano ang marahil sasaysayin ng Espiritu Santo sa aming mga puso. At dalangin namin na Iyong putul-putulin ang Tinapay ng Buhay sa bawat isa sa amin, nang sa gayon sa pag-alis namin dito ngayon, ay hindi kami aalis ng gusaling ito na ganoon pa ring mga tao noong kami'y pumasok kanina. Nawa ang mga Cristiano'y maging malapit pa sa Iyo. Nawa ang bawat makasalanan ay bumaling sa araw na ito. Nawa ang mga maysakit ay gumaling. At nawa ang Kaharian ng Diyos ay pumaritong malapit sa amin, o sumaamin mismo. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, habang naghihintay kami sa Kanyang Espiritu na ipagkaloob sa amin ang Mga Salita. Amen.

³⁹ Ngayon tayo'y bumasa ng ilang Kasulatan, anupa't... ang Salita ng Diyos ay tama sa tuwina.

At ngayon, at ang bawat isa, nakikita ko na kayo'y mabait sa mga nakatayo. Nakita ko na may tumayo at naupo, at ibinibigay sa iba ang upuan. Mainam po 'yan. Sana marami pa tayong espasyo, pero wala lang po talaga, at sa panahong ito.

Bumuklat po tayo sa Mateo 27, at babasa tayo mula sa ika-11 talata, at pagkatapos mangungusap tayo sa paksang ito.

Si Jesus nga ay nakatayo sa harap ng gobernador: at tinanong siya ng gobernador, na nagsasabi, Ikaw бага ang Hari ng mga Judio?... sinabi sa kaniya ni Jesus, Ikaw ang nagsasabi.

At nang siya'y isakdal ng mga pangulong saserdote at ng matatanda, ay hindi siya sumagot ng anoman.

Nang magkagayo'y sinabi sa kaniya ni Pilato, Hindi mo бага naririnig kung gaano karaming bagay ang kanilang sinasaksihang laban sa iyo?

At hindi siya sinagot niya ng kahit isang salita man lamang; ano pa't nanggilalas na mainam ang gobernador.

Ngayon sa kapistahan nga ang—ang gobernador . . . pinagkaugalian na pawalan sa karamihan ang isang bilanggo, na sinoman ang kanilang ibigin.

At noo'y sila'y may isang bilanggong bantog, na tinatawag na Barrabas.

Nang sila'y mangagkatipon nga, ay sinabi sa kanila ni Pilato, Sino ang ibig ninyong sa inyo'y aking pawalan? Si Barrabas, o si Jesus na tinatawag na Cristo?

Sapagka't natatalastas niya na dahil sa kapanaghilian ay ibinigay siya nila sa kaniya.

At samantalang nakaupo siya sa luklukan ng pagkahukom, ay nagsugo sa kaniya ang kaniyang asawa, na nagsasabi, Huwag . . . makialam sa matuwid na taong ito: sapagka't ngayong araw na ito'y naghirap ako ng maraming bagay sa panaginip dahil sa kaniya.

Subalit inudyukan ng mga pangulong saserdote at ng matatanda ang mga karamihan na hingin nila si Barrabas, at puksain si Jesus.

Datapuwa't sumagot ang gobernador at sa kanila'y sinabi, Alin sa dalawa ang ibig ninyong sa inyo'y aking pawalan? (Isipin n'yo 'yun!) At sinabi nila, Si Barrabas.

Sinabi sa kanila ni Pilato, Ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag na Cristo? Ano ang gagawin ko kay Jesus na tinatawag na Cristo? At sinabi nilang lahat, Mapako siya sa krus.

At sinabi ng gobernador, . . . anong kasamaan ang kaniyang ginawa? Datapuwa't sila'y lalong nangagsigawan, na nangagsasabi, Mapako siya sa krus.

Kaya't nang makita ni Pilato na wala siyang magawa, kundi bagkus pa ngang lumalala ang kaguluhan, siya'y kumuha ng tubig, at naghugas ng kaniyang mga kamay sa harap ng karamihan, na sinasabi, Wala akong kasalanan sa dugo nitong matuwid na tao: kayo ang bahala niyan.

At sumagot ang buong bayan, at nagsabi, Mapasa amin ang kaniyang dugo, at sa aming mga anak.

Nang magkagayo'y pinawalan niya sa kanila si Barrabas: nguni't si Jesus ay hinampas, at ibinigay upang ipako sa krus.

40 Grabeng kalunus-lunos na eksena! Pamamagatan ko po ang tekstong ito, kung gusto n'yong isaletira sa ganoong paraan, o tawagin itong ganoon. At marahil ang teyp ay mainam na pamagatang ganito: *Ano Ang Gagawin Ko Kay Jesus Na Tinatawag Na Cristo?* At ang paksa na nais kong gamitin, yamang 'yan ang teksto, nais kong gamitin ang paksa na, "Kung Si Jesus Ay Nasa Inyong Mga Kamay." "Kung Si Jesus Ay Nasa Inyong Mga Kamay, Ano Ang Gagawin Ninyo?"

41 Ang eksena nati'y nagsimula, noong umaga, sa bulwagan ng paghahatol, kung saan si Pilato, ang gobernador, ay tinawag sa eksena, para—para umakto at—at magpataw ng kahatulan. Maagang-maaga noon, kaliliwanag lang ng umaga, at siya'y inistorbo sa kanyang pagkakatulog, at—at pinatawag para dinggin ang—ang kaso ng Lalaking ito.

42 Panahon 'yun noon ng pagpapapako sa krus ng Panginoon natin at Tagapagligtas, na si Jesus Cristo. Wala Siyang—wala Siyang ginawa na anuman, na masusumpungan nila sa Kanya, at Kanyang—Kanyang sinagot ang lahat. Yun nga 'yung oras na kailangang mangyari 'yun nang ganoon.

Walang bagay na nangyayari nang walang bagay sa likod nito na magbubunsod na maging ganoon. Kinakailangan na may rason para ang lahat ng mga bagay ay mangyari. Dahil ito'y—ito'y kargada ng motibo, siyanga, ng—ng espiritu na nasa katauhan, at sa mga tao, at iba pa. May motibo mismo, at isang— at isang layon, at kinakailangan na may dahilan.

At ito, ang dahilan kung bakit kinailangan nitong mangyari sa pinakadakilang Lalaki na nabuhay sa lupa, o mabubuhay kahit kailan; ang dahilan kung bakit nangyari ito nang ganoon, ay dahil panahon na para mangyari 'yun. Kita n'yo? Kinakailangan na maging ganoon, at walang paraan para maalpasan 'yun. Yun—'yun nga'y kinakailangan na sa oras na 'yun mismo.

At si Jesus ay kinailangan na maparito sa lupa nang eksakto sa paraan na inihula ng Salita ng Diyos na Siya'y paririto. Kanyang ginawa nang eksakto ang bagay na sinabi ng Salita na Kanyang gagawin. Kanyang ipinamuhay ang buhay, nang sadyang eksakto mismo, at napagkilala ang Diyos, o nahayag, ang Binhi sa oras na 'yun. Ngayon alalahanin n'yo, ang Diyos . . .

43 Ang Biblia'y nagsisimula sa Genesis at tumutugaygay hanggang Apocalipsis. Ngayon heto ang aralin na nais kong—nais kong maunawaan n'yo, na . . . Kita n'yo, sa bawat henerasyon na binigkas ito, sa Biblia, tungkol sa partikular na bagay na nangyayari sa bawat henerasyon.

Kagaya noong makita ni Daniel. . . noong ipinaliwanag niya ang panaginip ni Nabucodonosor; kung papaanong ang mga kahariang Gentil ay darating, at kung papaano babagsak ang mga ito, at kung papaano ito mawawala. At ang bawat isa sa mga taong 'yun sa kanilang mga lahi at mga bansa na 'yun, ng mga kapangyarihang Gentil na kumukontrol noon, na kumontrol noon sa mundo, ay ginawa mismo sa eksaktong paraan kung ano ang sinabi ng pangitain na gagawin ng mga ito.

⁴⁴ Noong si Nabucodonosor, ang ulo ng ginto, ay nalupig, pagkatapos nga'y pumasok ang mga Medo-Persia; at ang kalikasan nila, ay ayon sa—sa kalikasan ng materyal, at ayon sa bagay na sinabi ng propeta, mismo. Si Nabucodonosor, ang ulo ng ginto, na pinaka dakila't unang Kaharian. Pagkatapos sumunod ang Medo-Persia ang pilak. At pagkatapos ay tumugaygay pababa sa hita, na—na tanso naman. At bawat metal ay patigas nang patigas; ang ginto ang pinaka malambot. At ang dulo ay bakal, na siyang pinaka matigas sa lahat, ang bakal.

Ngayon, ang bawat isa sa mga kaharian na 'yun ay tumugaygay nang eksakto, ayon sa kalikasan, sa paraan mismo na sinabi ng propeta na magkakaganoon ang mga ito. At ano ang ginagawa niya? Siya'y naghahasik ng binhi para matyagan ng mga bansa, at sa tuwing nakapasok na ang kaharian na 'yun, kinakailangan nitong gawin ang bagay ayon sa sinabi ng Salita.

⁴⁵ At pagkatapos ang Mesiyas ay papasok sa eksena. At noong pumasok si Cristo sa eksena, kinailangan niyang tugunan ang mga Salita ng Diyos na kailangang matupad, na sinalita ng propeta, na bagay na Kanyang gagawin.

Ang sabi ni Moises, “Siya'y magiging isang—Siya'y magiging isang Propeta na tulad ko.” At kung mayroon kayong. . . kung mayroon sana tayong oras para itipo 'yan pabalik at ipakita kung papaano noong pambihirang panahon na 'yun, noong ang Israel ay nasa pagkaalipin pa roon sa Egipto, kung papaanong si Moises ay ipinanganak na isang kakaiba't, kakatwang bata; at kung papaano siya—siya lumaki, at pinalaki, at kung papaanong itinago siya sa mga tambo; at kung papaanong naging pinuno siya, nagtungo sa bulubundukin at kinuha ang batas, at bumalik pababa. At hindi lang isang pinuno; bagkus ay isang saserdote, at isang hari, at isang gobernador. Lahat mismo ng mga bagay na ito, at kung papaanong tumitipo ito nang eksakto kay Cristo. At sinabi ni Moises, “Ang Panginoon n'yong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na katulad ko.” Kita n'yo?

⁴⁶ Ngayon, noong ipanganak si Cristo, ang Israel ay nasa pagkaalipin uli ng Imperyong Romano. At ano Siya? Ipinanganak na kakaibang Bata, at kakatwa, kung papaano Siya pinalaki. Mangyari rin na nagtungo Siya sa bulubundukin, at bumalik pababa't nagsabi, “Narinig n'yo sila na sinasabi, doon sa panahon nila noong una, 'Huwag kayong magnanakaw.'”

Narinig n'yo sila na nagsasabi, 'Huwag kayong mangangalunya,' pero sinasabi Ko, sinuman ang tumingin sa isang babae at magnasa nang masama sa kanya, ay nangalunya na." Isang Tagapagbigay-ng-Batas, kita n'yo, at isang Hari, isang Saserdote, isang Propeta, na eksakto mismo na katulad niya. Kaya ang lahat ng mga bagay na ito'y kailangan matupad, at noong ang espasyo na 'yun na naroon para sa buhay ng Mesiyas, noong 'yun ay ganap na pinagtibay mismo.

Ngayon, marahil ito ang huling mahabang aralin na ituturo ko nang matagal-tagal na rin. Nais kong makuha n'yo ito nang masinsinan ngayon.

⁴⁷ Kapag ang Salita ay binigkas na para sa isang partikular na henerasyon, may isa mismo na lilitaw sa eksena na siyang tutupad sa Salitang 'yun, dahil sinalita na ito ng Diyos. Yun ang pagpapatibay sa binigkas na Salita. At natupad ni Jesus sa bawat hinihiling na pamantayan, at Siya ang Salita mismo, na pinatotohanan bilang Mesiyas, mismo. Mayroon ding Mga Salita, na binigkas sa Biblia, para sa huling araw. Ang Mga Salitang 'yun ay siguradong magkakaroon ng buhay.

⁴⁸ At nasumpungan natin dito 'yun, na sa mga araw ng ating Panginoon, tinanggihan na Siya ng iglesia bago pa Siya nakarating sa bulwagan ng kahatulan ni Pilato. Tinanggihan na nila Siya, mula sa pinaka araw na ang Kanyang pagministeryo'y nagsimulang magpropesiya at magsaysay sa kanila ng isang Katotohanan ukol sa Salita. Pagkatapos, di nila 'yun maunawaan, kung papaano na Siya, na anupa't isang Tao lang, ay nagagawang talusin ang bagay na nasa kaibuturan ng puso ng mga tao. Di lang nila alam, na, ang Salita ay Diyos! "At ang Salita," ang sabi ng Biblia, "ay isang kumikilala ng kaisipan at haka ng puso."

⁴⁹ At ginusto nilang tawagin Siya na isang masamang espiritu. Ang sabi Niya, "Pinatatawad Ko kayo para riyon. Pero kapag ang Espiritu Santo'y dumating para gawin ang siya ring bagay, ang magsalita ng isang salita laban Dito ay hindi na kailanman patatawarin."

At lahat ng mga bagay na Kanyang iprinopesiya na mangyayari sa panahon na ito, may bagay na kailangan na magbubunsod nun na maging realidad. Pero kapag Ito'y ibinunsod na na maging realidad, Ito nga'y magiging sobrang kakaiba sa iniisip ng mga tao kung ano Ito, hanggang sa ang—ang mga Hirang lamang ang makakakita Rito. Sa tuwina, ang Hirang lamang ang tanging makakakita Rito, dahil Ito'y hinirang at itinalaga upang makita Ito. Kaya, hindi maaari, di puwede sa ibang paraan.

⁵⁰ Ang sabi ni Jesus, "Hindi kayo makalalapit sa Akin. Walang sinuman ang makalalapit maliban na palapitin siya ng Aking Ama; at lahat na Kanyang ibinigay sa Akin ay lalapit sa Akin."

Kita n'yo? Kita n'yo? Kaya walang paraan. Ang sabi Niya, “May mga mata kayo at hindi naman kayo nakakakita; may mga tainga, hindi naman kayo nakakarinig.” Sabi, “Buweno si Isaias ay nagpropesiya nga ukol sa inyo.” Kita n'yo? Sumibol mismo ang propesiya ni Isaias, na mahayag.

Huwag n'yong kalimutan 'yan, sa mga narito o sa mga nakikinig sa teyp, na ang Salita ng Diyos ay kailangang mahayag. Obligado ang Diyos na siguraduhin na gagawin Nito ito.

⁵¹ Kung papaano nga na si Juan Bautista'y paunang itinalaga na maging tagapanguna sa pagparito ni Cristo, kinakailangan na may tao na lilitaw para ganapin ang posisyon na 'yun. Ang Salita na 'yun ay kailangang matupad.

⁵² Pagkatapos noong si Jesus ay dumating bilang ang napahirang Mesiyas, at ginawa nang eksakto ang bagay na sinabi ng Salita ng Diyos na gagawin Niya; at sa kabila nun ay naghahanap pa rin ng iba ang mga Judio, “isang Hari ang paparito na may panghampas na bakal sa Kanyang kamay,” na sa malayong hinaharap pa. Pero Kanyang tinupad ang bawat Salita.

Doon noon isang araw sa Capernaum, noong kunin Niya ang Kasulatan at binasa, (napansin n'yo ba?) binasa lang Niya ang bahagi nung Kasulatan. At pagkatapos ay inilapag Niya ang Aklat, at nagsabi, “Ngayong araw na ito'y natupad ito.”

⁵³ Noong ipangangaral Niya ang taon ng jubileo, ngayon, bakit di Niya binasa ang karugtong pa Nun? Dahil pumapatungkol Iyon sa Kanyang isa pang Pagdating. Hindi nila kailangang malaman 'yun. Para 'yun sa kapanahunan na Siya'y darating pa lang.

Pero doon sa kapanahunan na naroon na Siya, 'yun ang dahilan kung bakit nasasabi Niya 'yun, “Ang Kasulatan na ito ay natupad sa inyong mga mata mismo. Dito mismo na nakikita n'yo Ito. ‘Upang ipangaral ang kaaya-ayang panahon, at lunasan ang mga wasak na puso, at pagalingin ang mga maysakit.’” Yun ang pinaroon Niya.

Ang karugtong pa Nun ay—ay para magdala ng kahatulan sa mga Gentil, at iba pa, kaya sa susunod pa 'yun. Kita n'yo, kinailangan na tatanggihan Siya ng Gentil, muna.

⁵⁴ Ngayon, sa pagpapako sa krus, habang narito tayo ngayon sa paksa, na, “Si Jesus ay nasa inyong mga kamay.” Ang Salita ng Diyos ay puspusang pinatotohanan, napatunayan na mismo nang paulit-ulit, na Siya ang sagot sa Salita ng Diyos. Kung saan ang mga eskriba . . .

⁵⁵ Kita n'yo, inilata na Ito ng Diyos. Nasa pagmiministryo na 'yun ang pag-aaral Dito. Pero, kita n'yo, ang kinukuha nila'y salita ng ibang tao ukol Dito; na kung anong grupo ng mga

kalalakhian. Sila'y lubos na nabulag sa Katotohanan, na, kapag ang Katotohanan ay ipresenta, bigo sila na makita Ito. Pero, kita n'yo, ang Diyos ay makatarungan, Kanyang naisulat na Ito roon. Kanyang naisulat na, dito mismo sa Aklat, kung ano ang mangyayari ngayon, kaya Ito nga'y matutupad. Pero ang iba na hindi itinalaga na makita Ito, ay hindi Ito makikita kailanman, kita n'yo, kanilang—kanilang napaglalabo—labo Itong lahat.

⁵⁶ At ganoon nga Ito sa kanila noon. Hindi nila napagkilala na Siya pala Ito. At sa pamamagitan ng mga tanda na Siya ang Mensahero ng panahon na 'yun, walang makatatanggi nun. Sinalita ito ng Kanyang propeta; sabi niya, "Ako, ako'y kailangan maibaba, bagkus Siya ang maitaas. Hindi nga ako karapat-dapat na tanggalin ang Kanyang mga panyapak, anupa't Siya'y nakatayo na sa kalagitnaan n'yo ngayon," sabi ni Juan. "At Siya'y darating. At ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng puno; at ang mga puno na hindi nagbubunga ay aalisin mula sa gubat, na, o mula sa—sa pataniman ng ubas, o ng—o ng halamanan. Hindi na 'yun masusumpungan doon."

⁵⁷ Ngayon, nasumpungan natin na ang mga bagay na 'yan ay nangyari nang eksakto sa paraan ng pagkakasabi Niya. Nagagawa Niyang kumilala ng kanilang iniisip sa kanilang puso. Siya'y isang Propeta. Lahat ng Kanyang paunang sinabi, ay nangyari nang eksakto sa paraan ng pagkakasabi Niya rito.

"Pupunta Ako ng Jerusalem. Doon ay ibibigay Ako sa mga kamay ng makasalanang tao. At mamaltratuhin nila Siya, at Siya'y ipapako sa krus. At sa ikatlong araw ay muli Siyang babangon." Pero sinabi, "Sikapin n'yo na huwag sabihin ito kaninuman." At Kanyang itinago Ito mula sa kanila, na hindi nila Ito naunawaan hanggang sa Iyon ay matupad.

⁵⁸ Kita n'yo, maraming beses na ibinubunsod Niya tayo na maging bulag hanggang sa oras na kailangan natin Ito. Hinahayaan Niya tayo na maging bulag sa mga bagay na nakikita natin ngayon, dahil ito ang oras na kailangan natin Ito, para patotohanan ang araw na kinalalagyan natin. Kita n'yo? Hindi alam ng mga magulang natin ang mga bagay na ito. Sinabi ng Biblia na hindi nila ito malalaman. Kanyang itinago ang mga ito, at sa—sa huling mga araw ay ihahayag Ito sa mga anak ng Diyos; o, ipagiging, na ang mga ito'y mahayag, para magpakita ng kaluwalhatian Niya at mga papuri sa Kanya sa lupa.

⁵⁹ At ang lahat ng sinabi ni Daniel ukol sa huling mga araw, at kung papaano nga na, "Sila na nakakakilala sa kanilang Diyos ay gagawa ng mga kabayanihan." At napakarami pa mismong mga Kasulatan na may kinalaman sa araw na ito na kinabubuhayan natin! Kung papaanong ang masama't, mapandayang mga panahon ay sasapit dito sa lupa! At ito mismong nasa atin ngayon ay tinutupad Ito.

Sila—sila nga’y—sila noon ay nabigyan ng pagkakataon na makita Siya, at, pero tinanggihan nila ang kanila mismong Mesiyas.

At ngayong panahon na ito ay ganoon din, ganoon ding bagay mismo. Tayo’y binigyan ng oportunidad, dahil ang Diyos ay hindi hahatol nang hindi muna nagbibigay...na makatarungan sa Kanyang paghatol.

Ngayon, kung sasabihin n’yo sa isang—isang partikular na tao na nagmamaneho sa kalsada’t, mabilis ang pagpapatakbo; pahihintuin n’yo sila, sasabihin, “May—may butas sa kalsada roon. Kung magpapatuloy ka sa tulin na ’yan, mapapatay ka.”

⁶⁰ At sasabihin nila, “Kalokohan, alam ko ang ginagawa ko.” Kung ganoon, kita n’yo, ang dugo’y wala na sa iyo, dahil puspusan mo silang binalaan.

Buweno, ganoon din ang ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Siya’y puspusang nagbababala sa mga tao ukol sa parating na paghatol, at ipinamamalas ang Kanyang mga tanda’t mga kababalaghan na inihula sa Biblia para sa kapanahunan na ’yun. Ipinapakita Niya sa kanila, at ang mga tao nama’y nilalampasan lang Ito.

Hindi madali para sa isang tao ang mapunta ng impyerno. Pinagsisikapan ng isang tao ang kanyang pagparoon sa impyerno. Ang pinaka unang kasinungalingan na nasabi mo, alam mo na mali ’yun. Ang unang sigarilyo na hinitit mo, alam mo na mali. Ang unang masamang bagay na ginawa mo, alam mo na mali. Anupa’t sa iyong konsiyensiya’y, sinabi sa iyo na mali ito, pero nagpatuloy ka pa ring tumawag kahit pula ang ilaw, sinagasaan mo ang mga harang. Nagpadalos-dalos ka. Ninais mo rin kasi na gawin ’yun, kahit paano, para ipakita na kung sino kang astig na tao. Kita n’yo? Pero, alalahanin n’yo, pinagsisikapan mo ang pagparoon mo sa impyerno. Hindi madali na mapunta ng impyerno. Kinakailangan mong tanggihan ang Katotohanan.

⁶¹ Bago ka mabangga tungo sa pagkawasak, kinakailangan mong labagin ang pulang ilaw. Bago ka masangkot sa pagkawasak, kailangan mo, doon sa kalsada, may mga—mga babala na nakalagay roon na nilabag mo. Pero, ikaw, may sarili ka kasing pamamaraan na gusto mong gawin, ganyan ang tao ngayon. At umaasta na mas maalam siya kaysa sa kanino pang iba, at hindi siya makikinig sa mga—sa mga tanda’t babala ng paparating na Paghatol, at sila na mga tinanggihan si Cristo.

⁶² Ngayon pansinin, at ang bagay na tinanggap nila sa halip na si Cristo. Ngayon isipin n’yo ang iglesya noong panahon na ’yun, ang kabulagan nila. Tinanggihan nila ang isang hayagang mamamatay-tao, si Barrabas. Isang lalaki na talagang napatunayan na na isang mamamatay-tao, at naghihintay na lamang ng hatol sa kanya. At siya’y—siya’y napatunayan na—na

isang mamamatay-tao, at isang masamang tao talaga. At dahil mismo na ang—ang Buhay na 'yun ni Jesus. . .

Na, Kanyang—Kanyang hamon sa kanila. Ang sabi Niya, “Sino sa inyo ang makakapag-akusa sa Akin ng kasalanan?” Ang *kasalanan* ay “di-pananampalataya.” “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan, kung hindi Ko sinaysay sa inyo ang Katotohanan ng Kasulatan, at ang Kasulatan ay nagsasaysay ukol sa Akin, Mismo. Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan,” ang sabi Niya, “sapagkat sa mga Ito’y iniisip n’yo na kayo’y may Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang Siyang nagpapatotoo sa Akin sa kapanahunan na ito.”

⁶³ Pero ang sabi nila, “Ginagawa Niya ang Kanyang Sarili na Diyos. Ginagawa Niya ang Kanyang Sarili na kung ano.” Hindi Siya gumawa ng anuman. . . Ang Diyos ang gumawa sa Kanya na Diyos; Siya ang Diyos. Siya ang katuparan ng Kasulatan. Hindi Niya ginawa ang Kanyang Sarili na anuman. Ginawa Siya ng Diyos kung ano Siya. At, pagkatapos, mangyari nga na 'yun na ang oras para ang Salita ay matupad. Tapos, pero di nila Ito makita, dahil Ito’y laban sa kanilang makadenominasyong mga kaisipan, na bagay na sila lang ang bumuo ukol kay Cristo. At 'yun nga’y lubhang kabulagan mula sa Salita.

⁶⁴ Ngayon, at maliban pa dun, para maiwaksi nila ang Lalaking ito, kinailangan nilang tumanggap ng isang mamamatay-tao, na isang perwisyo sa pamayanan, na kahihyan sa lipunan, kahihyan sa kanila, isang mamamatay-tao, na ganoon ang tatanggapin, dahil, para—para tanggihan si Cristo.

At bago tumanggap ng mali ang isang lalaki o isang babae, kinakailangan muna nilang tanggihan ang tama. May kung anong bagay nga sa kalikasan, may batas ukol dito, na kakailanganin mo munang tanggihan ang tamang bagay bago mo matanggap ang maling bagay.

Gaya ng nabanggit ko na, para—para maiwasan na makapagsabi ka ng kasinungalingan. . . Ikaw—ikaw nga’y nakapagsabi ng kasinungalingan na laban sa mainam mong nalalaman. Nakapagsabi ka ng kasinungalingan na laban sa konsiyensiya mo. Nakapagsabi ka ng kasinungalingan laban sa bagay na itinuro sa iyo ng nanay o mga magulang mo na gawin. O, maging ang kalikasan ay itinuturo sa iyo na hindi mo dapat gawin 'yun. Kaya, hayan nga, ikaw, para tanggihan ang Katotohanan, kinakailangan mong tanggapan ang isang—isang—isang kasinungalingan, at kinakailangan mong tanggihan ang Katotohanan bago mo matanggap ang kasinungalingan. Kita n’yo?

⁶⁵ Kaya ganoon ang nagawa ng mga taong ito, kanilang tinanggihan ang Katotohanan. At Siya ang Katotohanan. “Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay.”

“Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagsalaman ang Salita at nahayag sa harap natin.” Sa Unang Timoteo 3:16, “Walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan, sapagkat ang Dios ay nahayag sa laman, nahahawakan ng ating mga kamay.” Diyos, Jehovah! Ito’y—ito’y nakakagulat, ito’y nakakagitla, na isipin na ang Diyos na Siyang naglagay ng—ng—ng solar system sa kalawakan, na gumawa sa mga bituwin na sanlibong mas malaki kaysa sa daigdig na ito. . .

⁶⁶ At kung sa isa sa mga bituwin na ’yun ay sisimulang puntahan ang lupa, nang sampung libong milya kada oras ang tulin, haya’t, aabutin nang sandaang milyong taon bago makarating dito; napakalayo nun. At ’yung dalawang munting bituwin na naroon, mukhang pulgada lang ang pagitan nila, kapag tatanawin mula rito, pero sila’y mas malayo sa isa’t isa kaysa sa tayo mula sa kanila. At, sa kabila nun, wala sa kanila ang anupa’t nananatili lamang sa posisyon nila. At ang malaking galaxy na ’yun, oh, grabe, ang bigat at lawak ng Diyos na Siyang nakakagawa ng mga bagay na ito! Ang bawat isa’y pinapanatili ang bawat isa. Yan ang dahilan kung bakit nananatili ang mga ito na ganoon. Kung sila’y lilihis sa landas, ang buong sistema’y guguhho.

⁶⁷ Yun ang nangyari sa Eden. Noong si Eba’y nawala sa landas ng mga utos ng Diyos, ang buong salinlahi’y nahulog.

Yan ang problema sa panahon ngayon. Hindi dapat tayo nagkakawatak-watak tungo sa pagka-organisasyon at mga denominasyon, at iba pa. Tayo dapat ay mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos, na humahawak sa malaking galaxy ng daigdig na lakip-lakip.

⁶⁸ Sa New York, noong nakaraang sanlinggo, pinakikinggan ko ang isang mensahe na sinipi, o sinabi ni Einstein, na isang bantog na siyentipiko, na—na tinaguriang utak ng—ng panahong ito. At ako’y . . . narinig ko ’yun. Pagkatapos napakinggan ko si Norman Vincent Peale, na tinatalakay ang kanyang sikolohiya ukol sa kung paano dapat kumilos ang mga tao, o lumakad, at ipresenta ang sarili sa sikolohiya.

Tapos, kay Einstein, nangungusap siya tungkol sa isang galaxy na naroon sa pagitan ng sistema roon, na lagpas pa ng mga bituwin. At kung may tao na nakakalabay sa bilis, sa palagay ko ang sabi niya, bilis ng paglalakbay ng liwanag. . . . Ngayon, sa palagay ko, ano ’yun, . . . walumpu’t anim na libo? [Sinasiabi ni Kapatid na Neville, “Sandaan at walumpu’t anim.”—Pat.] Sandaan, sandaan at walumpu’t anim na libong milya kada segundo, ang lakbay ng ilaw. At ngayon kuwentahin n’yo ’yan sa limang minuto, kung gaanong milyun-milyon at bilyun-bilyon na milya ang aabutin n’yo. At san—sandaan at dalawampung milyong taon na oras ng paglalakbay ng liwanag ang kailangan para makaabot ka sa galaxy na ’yun.

At pagkatapos sandaan at dalawampu, o sandaan at limampung milyong taon; sandaan at limampung milyon papunta, at sandaan at limampung milyon pabalik.

⁶⁹ At nakadako sila sa isang bagay na natigilan sila. At sila, matapos na dadako roon at babalik, aabutin ka mismo nang tatlong milyong taon para tapusin ang paglalakbay, tatlong-daang milyong taon. Tatlong-daang milyong taon para tapusin ang paglalakbay, tapos, pagbalik mo sa lupa, limampung taon ka lang talaga nawala. Nadakuan mo ang Walang Hanggan. Wala ngang katapusan Ito.

⁷⁰ At ang isipin, na, ang Diyos na Siyang gumawa ng lahat ng 'yun at inilagay 'yun sa kaayusan, at sinalita 'yun, bumaba't nagsalaman sa kalagitnaan natin, para tubusin tayo. At pararangalan pa tayo ng Kanyang kapita-pitagan na Presensya, na Siya'y—Siya'y tatayo rito sa makasalanang mundong ito sa huling mga araw, at patutunayan ang Kanyang Salita na mapangyari, dahil Siya'y obligado sa Salita na 'yun. Amen. Talagang ang ganap na kadakilaan at ang katarungan ng dakilang Yaon na Siyang humahawak ng lahat ng mga bagay na 'yun sa Kanyang kamay!

⁷¹ Pansinin, ang mga bansa. Kinakailangan na tanggihan muna ng—ng iglesia ang Kanyang Salita, unang-una. Pagkatapos, matapos na tanggihan Ito ng iglesia, at binansagan Siya na “isang Beelzebub, o isang masamang espiritu,” pagkatapos nga'y dinala Ito sa harap ng gobyerno, para ang buong salinlahi'y makondena. Ngayon nasumpungan natin si Jesus, noong umagang 'yun, sa harapan ng isang—isang gobernador, si Pilato, isang Romano, para malitis. At nasumpungan natin na tinanggihan Siya ng iglesia, unang-una, dahil sa di nila paniniwala sa Kanyang Mensahe, dahil di nila alam ang Salita.

⁷² Sinabi sa kanila ni Jesus, “Kung inyo lamang—kung inyo lamang pinakinggan si Moises, maniniwala kayo sa Aking Salita, dahil siya ang nangusap tungkol sa Akin.” Kita n'yo? Hayun ang Salita na ang propeta. . . Na, ang—ang Panginoon ay dumadako sa propeta, at sinalita ng propeta ang Salita para sa oras na 'yun para dumating. At heto Ito na napagkilala, at sinabi, “Sinasabi n'yo na kinikilala n'yo si Moises at siya ang inyong tagapatnubay. Hindi n'yo nakikilala si Moises, hindi rin n'yo napagkilala ang kanyang Salita.” Sa madaling sabi, ang sabi Niya, “Ako ang Salita. Ako ang napagkilalang Salita na sinalita ni Moises na darating, at Ako'y kinondena n'yo.” Kita n'yo? Dahil sa kanilang mga tradisyon, kinondena Siya ng iglesia.

⁷³ Ngayon, nasumpungan natin Siya ngayon sa harap ni Pilato, at lubos na inaprubahan, mismo, na napagkilala sa panahon na 'yun, o sa iglesia, sa pamamagitan ng mensahero ng panahon na 'yun. Sila'y binigyan ng pagkakataon na makita't makasampalataya, pero tinanggihan nila Ito. Bakit nila Ito tinanggihan? Marami sa kanila ang nagnanais naman

sampalatayanan Iyon; pero dahil sa kanilang mga tradisyon, hindi ang mga tao, kundi kanilang mga tradisyon!

⁷⁴ Ngayon, kita n'yo, katulad ni Nicodemo na pumaroon isang gabi, at ang sabi niya, "Guro, alam namin na Ikaw ay isang Guro na nanggaling sa Diyos. Alam namin na Ikaw ay nanggaling sa Diyos. Walang tao ang makagagawa ng mga bagay na ito na Iyong ginagawa maliban na ang Diyos ay nasa Kanya. Kami. . ." Sino 'yung "kami" na sinasabi niya rito? Ang iglesya, ang mga Fariseo, ang mga namumuno noong panahon na 'yun. "Alam namin. Kami'y lubusang kumbinsido na Ikaw ang Tao na 'yun." Kung ganoon ay bakit di nila magawa? Dahil, sa kanilang sistema. Nais kong tumimo 'yan nang tunay na malalalim, dahil diyan ako patugaygay. Kita n'yo? Ang sistema na kanilang inanib ang kanilang sarili, ay isa mismo na hindi nila maalisan. Kahit na nakita na nila na Iyon mismo ang Mesiyas, pero 'yung sistema na konektado sila'y hindi sila pinapayagan na tanggapin Ito.

Inyo—inyo bang nauunawaan? Ngayon nais kong tanungin, dito sa mga nakikita ko rito na mga tagapakinig, ilan ang nakakaunawa sa bagay na ipinapangusap ko? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Buweno.

⁷⁵ Ngayon, isa ngang sistema! Sinampalatayanan nila Ito, at alam nila Ito. Mangyari nga na gusto kong sabihin ang siya ring bagay sa panahon ngayon! Nakikita mismo natin na narito na 'yung inaasahan nating makikita ngayon, at nakikita nga natin Ito, pero hindi sila hinahayaan ng sistema na tanggapin Ito. Masyado na silang lulong sa sistema! Kita n'yo, hindi sa tao, kundi sa sistema.

Katulad ng kasasabi ko lang tungkol sa Presidente na pinatay. Hindi ang tao; dahil sa abot ng nalalaman ko, siya'y mabuting tao, wala siyang ginawa na anumang masama sa abot ng nalalaman ko. Kundi dahil sa sistema. Hindi ang mga tao; ang sistema nga mismo.

⁷⁶ Hindi dahil noon sa mga Judio; kundi ang kanilang sistema. Yung sistema nila ang kumondena sa Kanya, dahil hindi Nito hinahayaan ang kanilang sistema. Nauunawaan n'yo ba? Ngayon, ang siya ring mga bagay ay nangyayari ngayon. At pinili nila ang kaaway ng publiko na ito, na isang mamamatay-tao.

Pero ang usapin ngayon ay nakarating na sa gobyerno. Kaya kailangang magpataw ng sintensya ang gobyerno, dahil, para kumitil ng buhay, kinakailangan na iharap muna ito sa gobyerno. Hindi sila papayagan na gawin 'yun, dahil sila'y nasa ilalim ng—ng pamamahala ng Roma, at hindi sila puwedeng kumitil ng buhay kahit na gaano pang sinasabi 'yun ng kanilang iglesya na, "Kinakailangan nating gawin ito." Aba, hindi nila—hindi nila puwedeng gawin 'yun nang hindi, muna, pinahihintulutan ng Roma na gawin nila. Kaya, kinailangan

'yun na madala sa harap ng gobyerno. Ngayon sangkot na ang gobyerno sa bagay na ito.

Ngayon, kung hindi 'yan larawan ng panahon ngayon, hindi ko nakikita kung ano pa. Kita n'yo, eksaktong-eksakto mismo!

⁷⁷ Tinanggihan Ito ng iglesya, ngayon sangkot na ang gobyerno. Dumating na ang panahon kung saan ang bansa, ang lahat, ang kabuonan, ay nagkatagpo. Inilabas ang kautusan. Ang pagtutuos ay nariyan na. Tinanggihan Siya ng buong bansa, at ang pagpapababa ng galit ng Diyos ay nasa ibabaw na nila. At bago ang. . . Maging ang iglesya'y tinanggihan na Siya, na magdadala ng galit sa iglesya. Pero ngayon maging ang bansa'y tinanggihan Siya, para magdala ng galit sa lahat.

At, ngayon, tinanggihan na Siya ng mundo, para magdala ng kahatulan sa buong mundo. Ang lahat ng mga bansa'y kailangan mahatulan.

⁷⁸ At alam natin na nangyari 'yan noong panahon ng bantog na Romanong heneral, si Tito. Kanyang kinubkob ang Jerusalem, at pagkatapos hanggang umabot sa. . . Kinain na ng mga Judio ang kani-kanilang mga anak; kinain ang balat ng puno, at ang damo sa lupa. At—at pagkatapos si Tito ay nangabayo papasok at talagang winasak ang mga pader at sinunog ang siyudad, at umagos ang dugo sa—sa mga kalsada nang gaya nun, kung saan pinaslang niya ang mga tao roon.

At kinailangan 'yun mangyari. Bago pahintulutan ng isang matuwid na Diyos na ang mga tao, na Kanyang mga pinili, na mapailalim sa ganoong klaseng bagay, kailangan may—kailangan may matuwid na dahilan mismo. Dahil Siya'y matuwid. Ang Kanyang—Kanyang mga batas ay humihingi ng hustisya. At ang batas na walang parusa ay hindi batas.

⁷⁹ Kung sasabihin ko, gagawa tayo ng batas dito sa siyudad, “Sige't ang—ang—ang pagtawid kapag pula ang ilaw ay ipagbabawal,” at wala namang parusa, haya't tatawid at tatawid ka lang mismo kahit pula ang ilaw. Anupa't kailangan mismo ng kaparusahan.

At ang kaparusahan sa paglabag sa batas ng Diyos, ang tanggihan ang Kanyang programa, ay kamatayan. At kinakailangan na may kamatayan mismo, para ito'y bayaran.

⁸⁰ Nakatayo tayo sa parehong paglilitis sa umagang ito, ang buong mundo, sa isang paglilitis. Tinanggihan ng lahat ng mga denominasyon ang Salita. Alam ko na medyo mabigat ang dating nito kung pakikinggan. At nais ko na ang mga ministro na nakikinig, na narito at ang mga nasa teyp, din, na sikaping unawain ito ngayon, heto po't sisikapin ko po itong gawing simple. Pero pinaninindigan ko ang punto ko, o ibinibigay ko ang punto ko rito, at sinasabi na tayo'y nakatayo, ngayon, sa isa uling bulwagan ng paghahatol ni Pilato.

⁸¹ Sasabihin n'yo, "Kung ako sana ang nakatayo roon, nanindigan talaga ako para kay Jesus Cristo." At, buweno, ano naman ang ginagawa n'yo sa bagay na rin 'yun ngayon? Yun ang punto. Kita n'yo? "Kahit na tanggihan Siya nang lubos ng iglesya, ako'y kakampi pa rin sa Kanya." Nasa iyo ang oportunidad. Uh-huh. Kita n'yo? Kanilang—kanilang tinanggihan Siya noon.

⁸² Ngayon Siya'y nililitis, ngayon, o kalilitis lang, o, haya't nililitis nga, para sa sistema ng mundo na binubuo, na tinatawag na, konseho ng mga kaiglesyahan, para—para—para buuin sa—sa Pandaigdigang Konseho ng iglesya. Ngayon, haya't ano ang ginawa nila? Bumoto sila na ganap nilang pagkaisahin ang kanilang mga sarili at magkaroon ng konseho ng mga kaiglesyahan.

At sa Konseho na ito ng Mga Kaiglesyahan, ang lahat na mga iglesya'y kailangan sasapi sa konsehong ito, o, kung hindi, hindi ka papayagan na mangaral, ni hindi ka nga rin papayagan na manalangin para sa maysakit. At ang simbahan n'yo ay maaari nang gamitin sa anumang bagay na nais nilang paggamitan nito. Kung gusto nilang pag-imbakan ng mga kahon, o mga bala, o anumang gusto nila, wala kayong kontrol doon. Alinman sa kasapi ka sa Konseho ng Mga Kaiglesyahan o hindi ka kasapi.

At 'yan ang sistema na binubuo rito sa Estados Unidos, na tinutupad mismo ang Kasulatan, hanggang sa pinaka tuldok. Tinutupad nito ang sinabi sa akin ng Panginoon noong 1933, kita n'yo, at tayo'y narito na sa panahon na 'yun sa umagang ito.

At si Jesus Cristo, ang Salita, ay nililitis, ngayon, gaya noon sa pagpapapako sa krus, at ngayon Siya'y nasa ating mga kamay. Siya'y nasa mga kamay ng mundo. Ang Salita'y malinaw na ipinakilala na, sa buong mundo, kita n'yo, at Siya'y naroon na sa paglilitis. Tinanggihan Siya ng lahat na mga denominasyon. At ngayon Siya'y nililitis bilang isang. . . sa Konseho ng Mga Kaiglesyahan, at tinanggihan nila Siya uli at iba ang pinili gaya ng ginawa nila noon.

⁸³ Kita n'yo, ang kalikasan sa kasaysayan ay inuulit ang sarili nito, dahil ang kalikasan ay nagpapatuloy na pareho. Ang mga punongkahoy ay patuloy na tutubo, at ang mga gulay ay uusbong, at namumulaklak, at ang mundo'y iikot sa tuwina na gaya pa rin ng dati. Kalikasan ito. At ang kalikasan sa bawat kapanahunan ay nauulit, muli, at inuulit muli ang—ang repleksyon ng kung ano ang—ang—ang kalikasan nito na nauna sa kanila. At, ngayon, nasusumpungan natin ang ating mga sarili muli sa siya ring kalagayan.

Ngayon, si Jesus "ang Salita," San Juan, unang kabanata. Naniniwala tayong lahat Diyan. Siya ang Salita. At dahil Siya ang Salita. . . Inyo pong unawain talaga. Siya ang Salita, at Siya'y marapat lamang na laban sa sistema.

At di nila—di nila Siya tinanggihan dahil sa Kanyang mga himala. Hindi nga. Ang sabi nila . . .sabi Niya, “Sa ano n’yo Ako inaakusahan?”

“At ano bang kasamaan ang Kanyang ginawa?” sabi ng munting binibini. “Anong masama ang Kanyang ginawa kundi nagpagaling lang ng maysakit?”

⁸⁴ Sabi, “Hindi namin Siya kinokondena dahil sa mga bagay na ito.” Kita n’yo? “Kinokondena namin Siya dahil Siya, yamang isang tao, ay ginagawa ang Kanyang Sarili na Diyos.” At samantalang sinasabi ng kanilang sariling Mga Kasulatan mismo na Siya’y Diyos.

Sa Isaias, ang dakilang propeta na sumulat ng isang animnapu’t anim na Aklat ng Isaias, at nagsimula sa . . . Sa una, gaya ng pasimula; at sa gitna ng Aklat ay lumitaw si Juan Bautista; at nagtapos sa Milenyum na paghahari. At animnapu’t anim ang Aklat sa Biblia, katulad na may animnapu’t anim na kabanata sa Isaias. Kamangha-mangha na ganoon ito. Dito sa Isaias 9:6, ang sabi niya, “Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak; at ang Kanyang Pangalan ay tatawagin na, “Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Ang walang hanggang Ama, ang Kahanga-hanga.”

⁸⁵ At ang bulag na mga tradisyon, o mga sistema, ay di makita-kita na Iyon ay Diyos; gayong ang kanilang sariling propeta na mismo, na siyang dinatnan ng Salita, ay nagsabi na Siya’y magiging Diyos. Mga bulag na sistema! Kaya tinanggihan nila ang Salita, at ang ninais ay isang mamamatay-tao, na si Barrabas.

⁸⁶ At, ngayon, ang Salita, na pinaging maliwanag para sa panahon na ito, ay pinatotohanan. Ito’y pinaging totoo. Ipinakita na Ito’y Katotohanan mismo. “At sa mga huling araw,” gaya ng sinabi ni Jesus, “kung papaano sa mga araw ng Sodoma,” at iba pa, “ay gayundin naman sa pagparito ng Anak ng tao.” Ang siyang Diyos, Mismo, na Siyang ang Salita, ay inihula ang huling-panahon at kung ano ang mangyayari; at sisinag ang mga Liwanag sa oras ng gabi; at kung paanong, sa Malakias 4, Siya’y magsusugo ng mga bagay na ito at patutunayan ang mga ito.

⁸⁷ At dinala ‘yun sa punto ng pagpapasya, at tinanggihan Ito ng mga kaiglesyahan. At ano ang ginusto ng mga iglesya? Isang mamamatay ng Salita, isa na nananangan sa sistema. Kung ang sistema ay kontra sa Salita, kung ganoon isa itong mamamatay ng Salita. At ang hinangad nila’y isang denominasyong tradisyon, sa halip na tunay na Salita na nahahayag at pinatutunayan na na Ito’y Diyos sa gitna ng mga tao; maging sa pamamagitan ng siyensiya, sa mga litrato, isang Liwanag, ang siya ring Anghel ng Panginoon, ang Haliging Apoy.

Ang siya ring Iyon na nabuhay sa lupa sa—sa katawan ni Jesus Cristo, ay pumarito sa Kanyang mga hirang sa huling mga araw, kung saan nakunan Ito ng litrato ng siyensiya. Nakita mismo ng iglesya ang mga gawa Nito. Ito’y lubos mismong ipinakilala, sa pamamagitan ng mga teyp at lahat na, sa palibot-libot ng mundo, at sa personal na pagmimistryo.

At sa kabila nun, sa lahat ng ’yun, inaasam ng kanilang mga sistema ang isang Konseho ng Mga Kaiglesyahan na kinokondena ang Katotohanan. Ang gusto’y isang mamamatay na papatayin, o patitigilin, o pahihintuin ’yun. At, gagawin nga nun, kanilang patitigilin ang Bagay na gaya nun. At gagawin at gagawin ’yun ng Konseho ng Mga Kaiglesyahan. Hayun ang tanda ng hayop; ng anticristo, na laban sa Salita, na si Cristo. Anupa’t hindi ang kanilang kreden- . . .

⁸⁸ Iniisip nila na tradisyon ito. Iniisip nila na ang mga tradisyon nila ay Diyos. Kita n’yo? Pero hindi nga ’yun titindig sa Salita, at maging ang Diyos ay hindi ’yun pinapatotohanan na tama. Si Jesus ay tumindig sa Salita, anupa’t hindi sa kanilang konseho; bagkus sa Salita. At pinatunayan ng Salita na Siya ay Diyos noon.

At pinatutunayan Nito na ngayon nga’y Diyos Ito, dahil ipinamumuhay Nito ang siya ring Buhay, ginagawa Nito ang siya ring bagay sa kalagitnaan natin na ginawa Nito noon, at inihula.

⁸⁹ Kaya anong ginagawa nila? Tinatanggap nila ang isang bagay na . . . Kanilang tinanggap, na nga, ang mismong sistema na magpapako Nito sa krus. At ang pagpapapako sa krus ng malayang interdenominasyon ay napipinto na. Ganoon nga.

⁹⁰ Ngayon, hindi ’yan sumasalungat sa Mga Kasulatan. Naroon ’yun sa Mga Kasulatan. “At sila’y bumuo ng larawan ayon sa hayop.” Pinagkakaisa ang mga denominasyon ng mundo sa isang pagka-Protestante, na binubuo ang tatak ng hayop, ang larawan ng hayop, batay sa Apocalipsis 13:8. “At sila’y gumawa ng isang larawan ayon sa hayop.”

Ang *hayop* ay “Roma.” Alam nating lahat ’yan. Anupa’t sa tuwina’y ang Roma ito, sa lahat ng . . . Papaanong magiging—papaanong magiging Rusya, samantalang sinasabi ng Biblia na Roma? Kita n’yo, maling impresyon lang ang nakuha ng mga tao. Kita n’yo? Papaano magiging ibang bagay ’yun, samantalang inihula na mismo na ito’y kailangan magmula sa Roma?

⁹¹ Balikan n’yo ang Daniel uli, ang bakal at putik na mga paa; ang bakal ay hindi nawala, mula sa mga tuhod pababa sa dulo. At alam ng sinuman na ang Rusya’y hindi pa kilala noong panahon na ’yun. Ang Roma ito. Ang pulang dragon ay Roma. Laging ang Roma ito. At ’yung bakal na ’yun ay di kailanman naging ibang bagay, na mula sa Roma’y napaging iba; nanatiling Roma. At ang hayop na ’yun ay ang Roma!

⁹² At ang Roma'y may sistemang relihiyon na ang nakamamatay na ulo...o may nakamamatay na sugat na pinatay siya sa kanyang ulo, pero siya'y binuhay muli, mula paganong Roma'y naging papal na Roma. At ngayon ay gumagawa sila ng larawan nito, ayon sa hayop na lumabas sa Apocalipsis 13.

Napansin n'yo ba? Ang bansa na ito ay may bilang na labing-tatlo, at lumitaw...Hindi ko sinasabi na ito'y...Ito'y—ito'y kakatwa, siyanga, na ito'y mangyayari base sa matematika, ma-...nang eksakto sa pagkakasaayos ng Kasulatan. Makikita ito sa ika-13 kabanata ng Apocalipsis, ang bansang ito.

⁹³ Lahat ng iba pang mga hayop ay umahon mula sa tubig, na kakapalan at karamihan na mga tao, ang sabi ng Biblia; pero ang munting hayop na ito'y nagmula sa lupa, kung saan walang mga tao. Gayong, siya'y isang kordero, kalayaan sa relihiyon; paglaon siya'y nagsalita na gaya sa isang dragon, at pinagkaisa ang kanyang sarili sa kapangyarihan at ginawa ang lahat na ginawa ng dragon na nauna sa kanya. Ganoon mismo. Kaya hayan nga. Ito'y—ito'y sigurado talagang magkakaganoon. Walang ibang paraan para magpangyari ng iba.

⁹⁴ At heto tayo, ngayon, na bumubuo ng sistema. Isang sistema! Hindi tayo makapaghintay hanggang ang ilan...Tinatangka natin na gawin ang lahat na maging isang—isang Lutheran; at di 'yun magawa. Tinatangka na gawin ang lahat na maging Baptist; hindi natin magagawa 'yan. Na ang lahat ay maging Methodist, o ang lahat Pentecostal; hindi nga nila 'yun magagawa. Kaya, para magawa ito, ang panahon ay napakaikli na, bumuo sila ng isang konseho, isang ulo, isang larawan ng hayop. Yun mismo ang ginawa nila. At ano 'yun? Ang pagpapapako sa krus ng Salita, muli, ay napipinto na. Ito'y nililitis na at malapit nang lumagapak.

⁹⁵ Pansinin, ang nahayag na Salita, mula sa denominasyon, nahahayag 'yun, ang Salita'y iba sa denominasyon.

Ano ito, ano ang sitemang ito? Ito'y satelayt ng Roma. Sinasabi ba ng Biblia na magkakaganoon? Siyanga, po! Apocalipsis 17, nakita nila ang Roma na iniahon ang sarili nito sa isang eklesiyastikal na sistema, ng isang babae. Isang babae, laging nirerepresenta ng isang babae ang iglesya.

Dahil, ang Nobya ni Cristo ay isang babae. Si Eba ang nahulog; siya Yaong dapat tubusin. At ang Iglesya (ay ano?) ay isang babae na tinubos.

⁹⁶ At ang babaing ito ay nakaupo sa ibabaw ng hayop na may pitong ulo. At alam natin ang tungkol sa pitong burol, at iba pa, gaya ng sinasabi ng Biblia na magkakaganoon. Wala talagang pagkakamali. Walang tiyansa na magkamali. Kita n'yo?

At pansinin n'yo nga, nasumpungan natin, na siya ang “INA NG MGA PATOTOT.” Kita n'yo? At ang nanay at anak na

babae'y naglakip na magkasama muli sa pakikipagkaibigan. Kung saan, minsan, ang anak na babae na 'yun ay lumayas mula sa kanyang nanay, para subukang mamuhay nang disente, dahil ang kanyang nanay ay mahalay at napakasama kaya ang batang babae'y umalis ng bahay. Uh-huh. Pero ngayon, dahil sa nagsisimula na siyang magkaedad nang kaunti, siya, at marami na siyang ginagawa na masasamang bagay, mismo; nakita niya ang kanyang nanay, naisip niya na ang kanyang nanay ay tama raw naman, kaya bumubuo siya ng isang sistema na sarili niya. Kita n'yo? Ganoon mismo.

⁹⁷ Pinagkakaisa ang pagiging denominasyon, Protestantismo, na tinutupad nang eksakto ang bagay na sinabi ng Kasulatan ukol sa Apocalipsis 17. "Ang lahat, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero, ay nasa kanya." Alinman sa isa o sa isa pa, maaaring sa hayop o sa larawan ng hayop. Yan mismo ang sinabi ng Biblia.

At ipinangusap ito ni Jesus, na hindi yaong komunismo. Pero sa Mateo sa ika-24 na kabanata, simula sa ika-21 hanggang sa ika-26 na talata, inihula Niya na ang espiritu sa sistema na ito ay magiging halos yaong tunay na bagay na anupa't dadayain nito ang pinaka Hirang kung maaari; ang mga Hirang, na ang Mga Pangalan ay nakalagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago itinatag ang sanlibutan. At, kung tutuusin, na ibinunsod sila na maging abala, hanggang sa ang sabi Niya kung hindi Niya puputulin ang gawain, para sa kapakanan nila, walang laman ang maliligtas sa lupa. At mayroon lang tayong. . .

⁹⁸ Nasa—nasa '64 na, hindi ba? At sa palagay ko sinasabi nila na lihis daw 'yun nang labimpitong taon doon, na, ayon dun sa kalendaryo. At nasa '64 na tayo, 1964, na ibig sabihin (ano 'yun?) tatlumpu't anim na taon na lang ang natitira, hanggang sa ika-dalawampu't isang siglo.

At bawat dalawang libong taon, ang mundo'y tumutugaygay sa wakas ng pandaigdig na sistema, sistemang relihiyon, sa wakas ng lahat na mga sistema, at ang Diyos ay eeksena na. Ginawa Niya 'yun noong mga araw ni Noe; unang dalawang libong taon. Ang ikalawang dalawang libong taon, ang sistema'y bumalik kung saan tumatalakay ang ating teksto, sa umagang ito, at Kanyang ipinadala ang Kanyang Salita muli. Ipinadala Niya ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng isang propeta, noong panahon ni Noe, si propetang Noe; at tinanggihan Ito ng mga tao, dahil sa kanilang sistema. Ipinadala Niya uli ang Kanyang Salita sa panahon ni Jesus, ang Salita na nahayag sa buong kapunuan; tinanggihan Ito ng mga tao. At ngayon ay 1964 na, tatlumpu't anim na taon na lang hanggang sumapit sa dalawang libong taon muli; at ang Salita'y inihayag na, at tinanggihan naman Ito ng sistema.

⁹⁹ Gaanong kalapit na tayo? Marahil huli na sa inaakala natin, kita n'yo, na anumang oras ay maaari na itong mangyari.

Marahil nangyari na ito, di lang natin namamalayan, gaya ng ipinangusap ko noong nakaraang Linggo noong narito ako. Ang huling pangalan ay marahil nasa Aklat na; kapag ganoon na, wala nang parating pa. Ang mundo nga'y uusad na parang walang nangyari, pero ang Iglesia'y naselyuhan na. Pansinin n'yo ngayon habang patugaygay na tayo rito. Ang mga pangalan nila, ngayon, hindi niya liliinlangin sila na ang mga pangalan ay nakasulat.

¹⁰⁰ Ano 'yun? Isa nga itong sistema. Kita n'yo? At isipin n'yo, ang makabilang sa denominasyon na 'yun sa sistema na 'yun, ano nang gagawin n'yo? Ano nang nagawa n'yo? Kayo'y natatakan na, kita n'yo, palayo sa Salita, patungo sa isang mamamatay na sistema na nag-aalis, "Na may anyo ng kabanalan, subalit tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon." Yun nga'y tatak ng hayop. Mismo. Kita n'yo?

¹⁰¹ Ang hayop na 'yun na naroon, ang bagay na ginawa niya noon; at heto ang larawan, na pareho lang. At higit na bantog ang hayop, na bumuo ng malaki't pangkalahatang iglesya na 'yun doon sa Nicea, kita n'yo, na ibinunsod nila ang buong—buong mundo na mapunta roon, sa isang sistema na 'yun. At inisip nila na napakapambihira nun, "Walang makakaya na makidigma sa kanila," ang sabi ng Biblia, hanggang sa gumawa sila ng larawan ayon sa hayop, at dinala ang lahat na mga Protestante patungo sa Konseho ng Mga Kaiglesyahan; na bumuo ng isang sistema, na hindi ka nga ituturing na isang Cristiano o anupaman maliban na kabilang ka sa sistema na 'yun.

¹⁰² Hayan ang pagkakaiba sa pagitan ng tatak ng hayop at ng Pagseselyo ng Diyos. Ang Diyos ay nageseselyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sinasampalatayanan n'yo ba na ganoon ang Salita?

Ngayon sasabihin n'yo, "Tama ba 'yun, Kapatid na Branham?" Siyang, po.

¹⁰³ Ngayon, alam ko na kayo na mga Sabadista, o Seventh-day Adventist, ay sinasabi, "Ang pangingilin ng araw ng Sabbath." Pero hindi. Hindi sa nagagalit ako sa inyo, pero 'yun nga'y ganap na di base sa kasulatan.

Mga Taga-Efeso 4:30 sinasabi, "Huwag n'yong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa pamamagitan nito'y tinatakan kayo hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Kita n'yo?

¹⁰⁴ Ngayon, ang Espiritu Santo'y ang Salita. Ang Diyos ay hindi tatlo. Siya ay siya ring Diyos sa tatlong dispensasyon, tatlong katungkulan. Ang Diyos, ang Ama, sa ibabaw ng batas; ang Diyos, ang Anak, sa biyaya; at Diyos, ang Espiritu Santo, gaya ng pagkatawag n'yo Rito, ang siya ring Diyos na nasa dispensasyon ng Espiritu Santo. Ang Diyos, ang Ama, ang Salita; ang Diyos, ang Anak, ay ang Salita; at ang Diyos, ang Espiritu Santo, ay ang Salita. Kita n'yo, tatlong katungkulan. At ang mag-. . . At

tinatatakan kayo ng Espiritu Santo, kaya kayo nga'y tinatakan na sa pamamagitan ng Salita.

Ngayon sasabihin n'yo, "Buweno, ako'y natatapan na sa pamamagitan ng . . ."

¹⁰⁵ Buweno, kung ganoon, pinakikilala lang nito ang sarili nito. Kita n'yo? Ito nga'y nagpapatunay. Hindi ka maaaring kabilang sa isang sistema, at maseselyuhan sa sistema na 'yun at sa Salita, kita n'yo, dahil kontra ito, sa isa't isa. Hindi mo 'yun magagawa. Buweno.

Ngayon nalaman natin, na, ang malalaking makinayang mekanika, ang mga mekanika ng malaking makinarya, na para sa . . .

Ang makinarya, 'yun nga'y may . . . ang isang sasakyan, mayroon 'yung piston, balbyula, at karburador, at iba pa. Yun 'yung—'yung mekanika.

¹⁰⁶ Nais kong magsabi ng isang bagay sa Iglesia rito, naalala ko lang po, kita n'yo, 'yun nga 'yun, naniniwala ako napakalapit na natin sa katapusan, ako—ako po'y may sasabihin lang na isang bagay ngayon, kita n'yo, kita n'yo, ang—ang mekanika, maraming tao ang nagpupumilit na ipaliwanag ang ukol sa mekanika samantalang hindi n'yo alam ito. Kita n'yo? Ang tanging bagay na inyong . . . At, alam n'yo, kailangan alam n'yo ito. Ang mekanika ay ipinaalam na. Ngayon ano kaya kung si Moises . . .

Ano kaya kung may magsasabi, "Noe, nais kong ipaliwanag mo ang—ang mekanika kung paano lulutang ang daong. Kung paano mismo . . ." Hindi niya 'yun magagawa.

Hindi n'yo kailangan alamin ang mekanika; yaong Dinamiko lamang Nito. Kita n'yo, ang Dinamiko ang bagay na nais n'yo dapat malaman.

"Paano?" Buweno, kung may nagtungo sa Israel, at nagsabi, "Sabihin mo nga, Moises, nais ko kasing maintindihan. Paano mo nalikha ang mga hayop na 'yun gamit ang sariling salita mo lamang?"

¹⁰⁷ Sasabihin niya—sabi niya, "Hindi ko 'yun salita. Salita 'yun ng Diyos. Sinabi Niya sa akin na gawin 'yun." Kita n'yo?

¹⁰⁸ "Ako—ako—ako . . . Sasabihin ko sa'yo, sige't ipaliwanag mo nga sa akin kung paano ka nagpabunsod ng mga langaw sa ibabaw ng lupa, samantalang wala namang, ganoong karaming langaw sa lupa." Kita n'yo? Hindi nga 'yun maipaliwanag ni Moises, mismo. Hindi n'yo kasi kailangang ipaliwanag. "Papaano mo nagawa na ang silangang hangin ay dumating at umihip ng uwang doon sa buong gitna ng Dagat na Pula, at kaming lahat ay sumunod sa iyo sa tuyong lupa. Ipaliwanag mo ang mekanika nun. Ano—ano—ano ba yaong—yaong—yaong sistema na ginamit mo, Moises? Ano? Sabihin mo sa akin ang

siyentipikong pananaliksik kung anong atom ang pinakawalan mo.” Kita n’yo? Kita n’yo?

¹⁰⁹ Hindi niya alam ’yun. Siya, buweno, hindi niya alam ang mekanika; ang alam niya lang ay yaong dinamiko. At—at ’yun ang pamamaraan.

Hindi ko masasabi sa inyo kung papaano ako nabubuhay. Hindi ko masasabi sa inyo kung papaano kayo nabubuhay, pero kayo’y nabubuhay. Hindi ko masasabi kung papaanong ang puso n’yo, at kung papaano pumapasok ang kinakain n’yo at nagiging dugo. At kinukuha ang—ang lakas ng pagkain na ’yun, at—at pupunta ’yun sa ikatlong dingding ng bituka at gagawin ’yun na maging dugong-buhay, at ipadadaloy ’yun sa buong katawan mo. Hindi ko—hindi ko ’yan maipapaliwanag, pero ginagawa nga nito ’yan. Kita n’yo, ginagawa nga nito ’yan. Hindi ko—hindi ko ito maipaliwanag. Hindi ko alam ang mekanika. Ang dinamiko ito.

¹¹⁰ Ngayon, marahil alam ni Moises ang mekanika, pero wala nga ang iba pa sa posisyon na maunawaan ’yun kundi si Moises. Alam nila na gumagana ’yun, at sapat na ’yun. Bakit hindi makaramdam ng kasapatan ang mga tao sa ganoong paraan ngayon? Kita n’yo? Hindi lahat ay maaaring maging isang Moises. Iisa lang ang Moises. Ang alam lang nila’y ito’y sa Diyos. Nakita nila na ito’y sa Diyos.

At sila’y nagsisunod naman at mainam ang ginagawa hanggang sa nagsimula silang kuwestyunin ito, may iba sila na nais itaas na nakakagawa raw ng siya ring bagay, si Core, si Datan. At noong magpasok sila ng ibang tao na ang dala’y kung anong karnal na panggagaya, sa wakas ang sabi ng Diyos, “Ihiwalay mo ang iyong sarili. Huwag kang sumali sa pang-organisasyon na sistema na ’yun. Kita n’yo, layuan mo ’yan! Aking lalamunin sila.” At ibinuka Niya ang lupa’t nilamon sila. Kita n’yo?

¹¹¹ Hindi n’yo alam, haya’t hindi n’yo kailangang alamin ang mekanika. Alamin lang ang dinamiko, ang bagay na nagpapatibok dun, na pinagiging totoo ito, at tingnan n’yo kung hindi ba’t tumatama ito mismo sa tudlaan na ipinangako ng Biblia na tatamaan nito sa panahon na ito. Kita n’yo, ang Salita ito muli, pabalik sa Salita.

¹¹² Ngayon, ang malaking makinarya’y nagpapasimula na ngayon, at handa nang umusad. Ang mekanika ay naroon na. Mayroon na sila nitong mekanikang sistema ng isang organisasyon na magdadala raw, sa mundo, “ng kapayapaan,” ang sabi nila. Mayroon na sila nitong. . . gaya ng U.N.

Ang mga bansa’y nagkakaisa na sama-sama. Panahon na ng paglalakip. Kapapangaral ko lang tungkol dito, nito-nito lang. Ang. . . Sila’y naglalakip na na nagkakaisa, para ibunsod ang ano? Isang pandaigdigang kapayapaan daw. Ginawa nila ’yun

sa Liga ng Mga Bansa. Lagi nilang tinatangka, at hindi naman ito kailanman umubra. Hindi maaaring umubra. Ang U.N. nga'y walang anuman kundi isang malaking gomang lobo lang na tinatangay-tangay ng hangin ng aral ng bawat bansa. Yun nga'y puputok at sasabog sanhi ng anuman. Hindi 'yun uubra.

Ganoon din na ang Konseho ng Mga Kaiglesyahan ay hindi uubra. Organisasyon 'yun na gawa ng tao, na kontra sa sistema. . . o dahil sa kanilang sistema na kontra sa Salita ng Diyos, haya't hindi 'yun uubra. "Papaanong ang dalawa'y makakalakad nang sama-sama maliban na sila'y magkasundo?" Hindi n'yo nga magagawa. At papaano nga gagawin ng iglesyang Cristiano, na gagawin. . .

¹¹³ Ang—ang mga Pentecostal, ang Assemblies of God, at ang—ang iba pang naglalakihang mga iglesya ng—ng Pentecostal na pamamahala, at ang mga taga-Full Gospel, papaano nga nila naaatim na iwaglit ang kanilang pang-ebanghelyong mga katuruan, ang mismong prinsipyo na kanilang tinitindigan? At sila nga'y ibinangon, para lumabas mula sa mga organisasyon na 'yun at kondenahin ito; at kailangan nilang iwaglit ang kanilang pang-ebanghelyong doktrina, para lang lumakad kasama ang mga tao na di sang-ayon sa mga prinsipyo ng Biblia, at sa Makalangit na Pagpapagaling, at sa Kapangyarihan ng Diyos, at kay Jesus Cristo. "Papaanong makakalakad ang dalawa na magkasama maliban na sila'y magkasundo?"

¹¹⁴ Hayan nga, 'yan ang oras na kinahantungan natin, at 'yan ang malaking makinarya na itinatag na. Ngayon mayroon na silang mekanika. Ang bagay na lang na kailangan nila na magkaroon sila ay si Satanas, kalakip ang dinamiko, para puwersahin ang pagtatatak ng hayop. Kapag siya'y napuwera, aandar na ang dinamiko. Ang mekanika ay naroon na. Mayroon na sila nun.

¹¹⁵ Hayaan n'yong may sabihin din ako, siyanga; itong panahon ng paglalakip, na nakikita ang mga iglesya na nagkakaisa na, ang mga bansa na nagkakaisa na. Panahon na rin ng paglalakip ng Diyos at ng Kanyang Nobya, rin. At sinasabi ko ito nang may pagpipitagan at paggalang. Naniniwala ako na ang Nobya ni Cristo'y tinawag. Naniniwala ako na Siya ay sinelyuhan na sa Kaharian ng Diyos. Naniniwala ako na ang mekanika ay naroon na. Hinihintay na lang nila ang Dinamiko na kukuha sa Kanya mula sa lupa, patungo sa Kaluwalhatian, sa Pag-agaw. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko. Siyanga, po. Hindi natin alam kung paano Niya ito gagawin, pero Kanyang gagawin mismo.

Siya ang Dinamiko. Tayo'y naging bahagi ng makinarya, ng Kanyang Katawan, na binubuo ang ating sarili na magiging Kanyang larawan, at makita Siya na pinaglalakip ang Kanyang Sarili sa atin, sa Kanyang mga gawa, dala ang Kanyang mga kaloob ng pag-ibig, habang iniaabot Niya ang mga ito sa atin

bago ang Hapunan ng Kasalan. At naghihintay na lang tayo, na inaabangan 'yun.

Ang kanilang malaking iglesya ay maglalakip din.

¹¹⁶ Ang Dinamiko ng Iglesyang ito ay magiging isang pagpupuno ng Espiritu Santo na ating pinagsikapan sa munting suklat habang ang Pangulong Bato ay bumababa para lumakip sa Katawan. Anupa't kapag ang Ulo at ang Katawan ay maglakip na, ang buong kapangyarihan ng Espiritu Santo ang siyang magbabangon sa Kanya nang ganoon mismo; maging ang mga patay, na mga patay kay Cristo, nang daan-daang taon na nakalipas, ay babangon sa kagandahan ng Kanyang kabanalan, at papailanlang sa alapaap. Ang Dinamiko'y ang Espiritu Santo.

¹¹⁷ At ngayon ang dinamiko ng malaking rehimen na ito na kanilang itinayo, itong malaking makinarya'y pagaganahin sa hinaharap sa nagkakaisang konseho ng Pandaigdigang Konseho ng Mga Kaiglesyahan, na sila'y gagamit ng puwersa, mismo. Alalaha- . . . pero alalahanin n'yo . . .

Sasabihin n'yo, "Kapag nangyari 'yun. . ." Naku't magiging huli na ang lahat para sa'yo sa oras na 'yan. Nasa loob ka na nun. Ninais mo man, o hindi, nasa loob ka na. Kita n'yo? Pansinin, nariyan na sa'yo ang espiritu na 'yun.

¹¹⁸ Sa araw na ang—na ang—na ang mga hangin ng Espiritu'y ihip mula silangan, hilaga, kanluran, at timog, na hinihikayat ang mga tao na lumabas dun, at pinapakita sa mga tao!

Yan ang dahilan kung bakit ganoon na lamang akong laban sa sistema na 'yun. Nakikita ko na may kung anong bagay roon, isang kadiliman. Gaya ng nakikita ko silang mga kababaihan kung paano nila nilalagay ang kung anong bagay na 'yun sa mukha nila, sinabi ko 'yun noong nakaraang Linggo, alam ko na may kung anong bagay na parating.

¹¹⁹ Bakit ako laging laban sa ganoong bagay? Hindi ko alam noon; ngayon alam ko na. Bakit ako laging laban sa organisadong relihiyon? Dahil nga (ngayon nakikita ko na) 'yun ang tatak ng halimaw. Kita n'yo? Hindi ko 'yan sinabi hanggang nito lang na huling dalawang linggo. Kita n'yo?

Ngayon, pagkatapos ng pulitika sa iglesya, ano ngang mangyayari? Matapos na ang Salita'y tunay na patotohanan? Ngayon, tingnan n'yo, humantong na sa dako na kailangan may kasunduan na. Ang kasunod nilang kilos ngayon ay . . .

¹²⁰ Ano 'yung naging kasunod na kilos ng mga Judio matapos na tanggihan Ito ng iglesya? Tinanggihan kasi ng Iglesya ang Salita. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito. "Isa 'yang masamang espiritu." Kahit na talos nun ang mga kaisipan na nasa kanilang puso. "Masama ito." Gayong, Ito ang Salita. Ang mga gawa na Kanyang ginawa, ang nagpapatotoo sa Kanya,

ang nagpapatibay kung Sino Siya. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan Dito.

Pagkatapos, ang sumunod, doon na sa gobyerno. At ito'y isang gobyernong iglesya, dahil ang buong bansa'y sangkot. May bansang pagano na kinokontrol ang relihiyosong bansa. Ngayon, mangyari nga, ang lahat na ng bagay ay relihiyon, kaya hahantong ito sa isang pandaigdig na relihiyon.

Oh, grabe, makikita mismo 'yan ng isang bulag na tao! At ano ang sasabihin ng bulag na tao kapag nakita niya ito? Kapag nakita niya ito, lalabas siya mula sa kanyang pagkabulag.

¹²¹ Pansinin n'yo riyan kapag ang konseho ng mundo'y magtitipun-tipun na sama-sama, "Anong gagawin natin dito kay Jesus na tinatawag na Cristo?" Tunay na ayaw nga nilang magkaroon ng anumang kaugnayan Dito. Kaya may isang bagay lang na gagawin sila, kung ganoon, 'yun ngang bagay mismo na ginawa nila noon, kanilang ipapako Ito sa krus, tunay, papatahimikin Ito. "Hindi na dapat ito patagalin. Hindi na ito maaaring pabayaan pa." Yung puwersa ng relihiyon sa mga bansa'y hindi papayag na ipagpatuloy nila ito. Yung mga ganoong pagmiministeryo na ginagawa rito, at mga bagay na gaya nun, ay ganap na patitikumin na. Hindi n'yo na magagawa nang walang pahintulot mula sa punong-himpilan, sa ulo ng iglesya, kita n'yo, na isang larawan ng hayop. Oh! Nandito na tayo, ganoon nga. Tayo—tayo—tayo'y humantong na.

At talagang hayag na; ang kasunod na'y ipapapako Siya sa krus.

¹²² Katulad ngayon, na ibinubunsod ang lahat na di sumasapi sa kanila, ay patitikumin at hindi na papayagan na mangaral, kita n'yo. Haya't ipinapako nun, nang panibago, ang pinatotohanang Salita ng pangako. Pinatitikom ito, "Hindi ka na pinahihintulutan na isagawa pa ito. Wala na 'yang mga gawain ng pagpapagaling. Wala na 'yang pananalangin para sa mga maysakit. Wala, na! Hindi mo na puwedeng gawin. Wala, wala na sa mga ito. Wala, na! Kinakailangan n'yong dumaan sa Konseho ng Mga Kaiglesyahan o wala kayong maaaring gawin."

¹²³ Ngayon nakita n'yo na kung bakit laban ako sa relihiyong denominasyon, dahil ito'y tatak ng hayop. Ang Roma ang ulo nito, ang nauna. Ganoon mismo. At ibininunsod nun ang lahat na tanggapin 'yun sa pamamagitan ng mga anak na babae, na siyang larawan. Ang nanay ay sa ganoong bagay rin ginawa. Saan unang naorganisa ang Roma? Ano ba ang pinaka unang relihiyon na naorganisa sa mundo? Ang Romano Katoliko. Mayroon bang makapagsasabi na hindi nga ganoon, sige't makikinig ako. Wala nga rito. Ang unang organisasyon, ang unang iglesya na naorganisa kailanman, ay sa Nicea, Roma. Siyanga, po. At 'yun mismo ang ginawa nila.

124 At anong ginawa ng Lutheran matapos siyang mamatay? Ginawa nila ang siya ring bagay na ginawa nila sa Nicea, Roma. Anong ginawa nila pagkatapos ni Wesley? Anong ginawa nila matapos ang lahat nitong dakilang mga pagkilos na dumating? Ginawa nila ang siya ring bagay, nagbunsod sila ng mga anak na babae sa patotot, ganoon na ganoon mismo. Gaya, ng siya ring 'yun, na nasumpungan natin dito. . .

125 May munting Kasulatan ako na isinulat dito. Siguro'y hindi ko na ito isasama. Pero, haya't masdan, kanilang. . .

Ang pag-oorganisa ng iglesya'y may siya ring sistemang kalakip sa panahon ngayon. Ang tanging kailangan nila ay ang dinamiko nito, isang bagay mismo na magpapagana mismo rito na may lakas. At patungo na ito sa pagtutuos, agad mismo.

126 Ang iglesyang Katoliko't mga iglesyang Protestante'y magiging magkaibigan. Binabanggit ko na sa inyo noon—noon pa man, sa huling tatlumpu't ilang mga taon. Sila'y maglalakip na magkakasama. At nakikita n'yo nang eksakto kung anong ginagawa nila ngayon. Ang—ang Protestante'y di kailanman magiging Katoliko, pero sila'y magiging kaugnay sa pakikipagkapatiran, isang tatak ng hayop, na inayon sa hayop.

127 Gaya ng siya ring kaparaanan na ang nanay, si Eba, ibinunsod niya sa kabulukan ang buong mundo tungo sa pisikal na kamatayan. Ang nanay, na si Eba! Pakinggan n'yo. Ibinunsod ng Nanay na si Eba ang buong sangkatauhan sa kabulukan, sa pamamagitan ng pisikal na kamatayan, (paano?) sa pamamagitan ng pagtangi sa Salita at tumanggap ng bagay na halos katulad Nito. Ibinunsod niya ang lahat ng pisikal na kamatayan dahil iniwan niya ang tunay na Salita, at naniwala naman sa tunay na Salita't lahat na maliban sa maliit lang na bahagi. Isa lamang na di pagsang-ayon sa buong Salita ng Diyos ay nagbunsod ng bawat kabagbagan ng puso, ng bawat kamatayan at bawat bagay na narito kailanman sa lupa. Si Eba ang nagbunsod nun, ang nanay ng kamatayan. Ngayon nakikita n'yo ba kung saan tayo patungo? Ang nanay ng kamatayan, pansinin n'yo, kanya lamang di-sinampalatayanan ang Salita.

Ang sabi niya, “Sinabi ng Diyos. . .”

Sabi ni Satanas, “Tama 'yun.”

“Sinabi ng Diyos. . .”

“Tama 'yun.”

“Sinabi ng Diyos. . .”

“Tama.”

“Sinabi ng Diyos. . .”

128 “Oo, 'yan, sakto naman 'yan. Sa—sa isang banda, tama, pero, kita mo, hindi naman 'yun—'yun—'yun ang lahat Nito. Kita mo, iyong—iyong maimumulat ang iyong mga mata, ikaw ay magiging. . .”

Pero sinabi na ng Diyos, at 'yun na 'yun, ang Salita! Kita n'yo, nagsimula 'yun sa munting maling pagpapaliwanag ng Salita, at, pareho lang, ang dulo'y ganoon din.

¹²⁹ Pansinin, ang anak na babae'y bunga ng isang nanay at tatay, sa pamamagitan ng pakikipag-isa. Ngayon heto ang isa na nakakagulat. Pero ang kamatayang, pisikal, ang pisikal na kamatayan ay ang pagkakaisa ng nanay na si Eba at ni Satanas, sa pakikipagniig, sa di-pananampalataya sa Salita ng Diyos. Sila'y nagkaisa't naghatid ng—ng bunga na kamatayan. Siya, ang. . . Ang kamatayan ay bunga ng pakikipag-isa ni Satanas at ni Eba, sa pakikipagniig.

¹³⁰ Kamit ni Eba noon ang Salita. Si Satanas ay laban sa Salita. At, tingnan n'yo, halos siyamnapu't siyam at siyamnapu't siyam na ikasandaan Nito, na aminado si Satanas na tama. “napakalapit,” ang sabi ng Biblia, “sa huling mga araw, na dadayain ang pinaka Hirang kung maaari.” Nakita n'yo ang paraan ng pagpasok nito, kung papaano 'yun sa tuwina, kung papaano 'yun sa katapusan? Sa parehong paraan pa rin, pinagkaisa ng di-pagsampalataya sa buo't lahat na Salita ng Diyos. Nakukuha n'yo ba? Yun ang nagdala ng kamatayan, ang paglalakip ng di-pananampalataya sa Salita. Di-pananampalataya, kaunti't, kaunting-kaunti lang nun; kaunti't, munti't, kaliit-liitan lang na bahagi, ikasandaan ng isang porsiyento. Pero kinakailangan na sandaang porsiyento mismo Nito! Ganoon nga.

¹³¹ Pansinin n'yo, ang anak na babae ng Diyos, ang Iglesia, ang Nobya, ay bunga rin, ng Diyos at ng Kanyang Salita, na naglakip. Ang Espiritu Santo na lumalakip sa katawang laman, ibinunga Nito ang Anak ng Diyos, isang bunga ng katuwiran ng Diyos. At sa huling araw, gaya ng sinabi sa atin, “kung papaano sa mga araw ng Sodoma,” ang Nobya'y ilalakip ng Salita ng Diyos na nahayag sa laman, ang Espiritu Santo'y sineselyuhan sila patungo sa Diyos, at tinatatakan ang di-pananampalataya palayo, sa labas.

¹³² Gaya ng nabanggit ko noon, kung ang buhay ni Beethoven ay nasa inyo, kayo'y mabubuhay na gaya ni Beethoven; kung ang buhay ni Hitler ay nasa inyo, mabubuhay kayo na gaya ni Hitler. At kapag ang Buhay ni Cristo ay nasa inyo, kayo'y mabubuhay na gaya ni Cristo, at ang mga gawa ni Cristo'y gagawin n'yo. At magiging ganoon mismo. Kung si Cristo ay nabubuhay ngayon, Kanyang gagawin nang eksakto ang bagay na sinabi ng Salita na Kanyang gagawin ngayon. At sinabi 'yun ng Salita, “Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Bakit hindi makita-kita ng bulag na eklesiyastikal na mundong ito ang panahon na kinabubuhayan nila? Kita n'yo?

¹³³ Ibinunsod ni Eba ang lahat na pisikal na kamatayan, sa pagnanais na magpasok ng hidwang paniniwala ni Satanas sa Salita. At 'yan din ang siya ring bagay na nangyari sa iglesia, sa

Nicea, Roma, sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga dogma sa halip na Salita. Yun ang siya ring bagay sa Methodist, Baptist, Presbyterian, na kapag ang Liwanag ay lumilitaw sa bawat kapanahunan ay haya't tinatanggihan nila Ito.

Yan ang dahilan kung bakit namatay ang Lutheran noong lumitaw si Wesley. Naroon 'yun sa isa na namang kapanahunan. Dumating ang Salita, at kailangan nilang tanggapin Ito o mamamatay sila. Yan ang dahilan kung bakit ang Pentecostal ay namamatay na ngayon, dahil narito na ang kapanahunan. Ang Salita'y nahayag na, ang panahon ng agila, ang panahon na ang Salita'y manunumbalik, "na ipanunumbalik ang Pananampalataya ng mga magulang, pabalik sa mga anak muli." At ganoon na lamang silang nagkakaisa, na kanilang tinanggihan Ito, at kaya wala nang iba pang natitira kundi espirituwal na kamatayan. Sa tuwina'y . . .

¹³⁴ Ang Katawan ng Diyos, naglalakip bilang Kanyang Nobya, nagiging Isa; Siya at si Cristo, na magkasama, ay ang Espiritu na kumikilos sa katawan ng Iglesya gaya ng pagkilos Nito sa katawan ni Jesus Cristo, dahil bahagi Ito ng Kanyang Katawan. Hindi dalawa; kundi Isa! Sila'y Isa lang. Ang asawang lalaki't ang asawang babae'y hindi na dalawa, kundi isa na. At si Cristo at ang Kanyang Katawan ay Isa. At ang siya ring Espiritu na nakay Cristo ay nasa Kanyang Nobya, nasa Kanyang Katawan, na pinaglalakip Sila na magkasama dala ang buong Salita. At ang Diyos ay nananahan doon, Mismo, inihahayag ito.

¹³⁵ At ang anticristo, ay nagsasabi, "Oh, naniniwala ako kay Cristo, naniniwala ako sa Ebanghelyo, naniniwala ako sa mga Bagay na ito, pero, alam mo. . ." Hayan nga. "Pero, alam mo, ang mga araw ng himala'y lipas na. Wala nang ganyang bagay, kita mo." Hayan nga kayo. "Oh, hindi ako naniniwala na kailangan n'yong mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo."

¹³⁶ Pero sinabi ng Biblia na kailangan n'yo. Ngayon sige't gusto kong makakita kung may teologo na makakapagpamali n'yan. Kita n'yo? Kita n'yo? Yun kasi ang kailangan. Sasabihin n'yo, "Buweno, wala namang diperensya sa pagbabautismo." Buweno, kung ganoon, bakit 'yun isinulat? Bakit may diperensya 'yun kay Pablo? Bakit may diperensya 'yun para sa lahat na iba pa noon? Alinman sa kayo'y nabautismuhan. . .

Ang sabi ng Biblia, "May pangalan kayo na doon kayo'y nabubuhay, at kayo'y patay," sapagkat walang ibang pangalan na ibinigay sa ilalim ng Langit.

Bakit nangangaral kayo sa pamamagitan Nito, nananalangin sa pamamagitan Nito, at lahat na, pero, pagdating sa pagbabautismo, tinatanggihan n'yo Ito? Uh-huh. Kita n'yo?

Sinabi ko sa isang lalaki noong isang araw, sabi ko, "Paano kung ang isang tao. . ."

Sabi niya, "Wala namang pagkakaiba."

137 Sabi ko, “Kung may isang tao na lalapit sa iyo, at pagkatapos sasabihin siya’y nabautismuhan sa pangalan ng ‘Rosa ng Saron, Lila ng Libis, at Tala sa Umaga,’ masasabi mo ba na tama siya?”

Sabi niya, “Hindi, po.”

Sabi ko, “Babautismuhan mo ba siya ulit?”

“Oo.”

Sabi ko, “Paano mo siya babautismuhan?”

Sabi, “Sa pangalan ng ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo.’”

138 Sabi ko, “Buweno, ngayon ganoon din naman ‘yan, inilalagay mo. . . Kung natatawag mo ‘yan na ‘mga pangalan,’ ganoon din ang ginagawa mo sa ginawa niya noong sabihin niya, ‘Rosa ng Saron, Lila ng Libis, at Tala sa Umaga,’ dahil titulo ‘yan, at ang ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo’ ay isang titulo.” Kita n’yo?

Ang sabi niya, “Pero sinabi ni Jesus na magbautismo, ‘sa Pangalan.’”

139 Sabi ko, “Yan mismo ang ibig Niyang sabihin na gawin. Pero heto nga’t, hindi—hindi, hindi Niya sinabi, ‘Banggitin ang mga salitang ito.’ ‘Bautismuhan n’yo sila sa *Pangalan,*’ Pangalan!” O, grabe! Sabi ko, “‘Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo’ ay mga titulo. ‘Ang Pangalan ng Ama, Anak. . . Ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.’ Kita n’yo?” Sabi ko, “Ano ba ang sinabi ni Pedro kung ano ang pangalan Nito? Ano ang sinabi ng iba pa sa kanila kung ano ang pangalan Nito? Kita n’yo? Ano ba ang pangalan Nito? Uh-huh. Ang ‘Panginoong Jesus Cristo’ ay ang Pangalan ng ‘Ama, Anak, at Espiritu Santo.’” May nasa tatlung libong mga katutubo siya na kanyang babautismuhan uli ngayon. Kita n’yo? Buweno. Pero ‘yun ang tama. Sabi ni Pablo, “Kung isang Anghel mula sa Langit. . .”

140 Sinabi ni Pablo sa mga taong ‘yun na hindi nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa Mga Gawa 19:5, na, upang matanggap nila ang Espiritu Santo, kailangan nilang dumako. Kahit sila’y nagsisigawan at nagpupuri sa Diyos, at gumagawa ng dakilang mga bagay, sinabi niya na dapat silang bumaling pabalik at mabautismuhan muli, uli, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Gayong nabautismuhan na sila ni Juan Bautista, kinakailangan nilang bumaling pabalik at mabautismuhan muli.

At sinabi niya, sa Mga Taga-Galacia 1:8, “Kung isang Anghel mula sa Langit ang magtuturo ng ibang bagay kaysa sa itinuro ko na sa inyo, siya’y masumpa.” Siyanga, po. Kaya kinakailangan nating manatili sa Salita na ‘yun, sa bawat Salita Nito. Kita n’yo?

141 Pansinin. Oh, wala Itong anumang pagkakamali; kaya maging ganap na sigurado mismo. Kung may bagay na nag-aalinlangan sa isip n’yo, mainam na maituwid n’yo na ‘yan ngayon. Huwag kayong maghintay hanggang sumapit ‘yun, na huli na ang lahat. Huwag n’yong hintayin na malalim na ang

pagkakatanggap n'yo sa tatak na hindi n'yo na Ito makikita pa, kayo'y mabubulag.

Binulag Niya noon ang Israel, nang sa gayon ay mahayag Niya ang Kanyang Salita. Ginagawa Niya ang siya ring bagay sa mga Gentil, dahil dito—dito sila'y lumalakad padiretso roon gaya ng ginawa nila noon.

¹⁴² Pansinin, tinanggihan at nawaglit ni Eba ang mga karapatan niya. Matapos na makita niya ang Salita na pinatotohanan ng Diyos, kung ano ang ginawa mismo ng Diyos, kanyang tinanggihan Ito at nawaglit niya ang kanyang mga karapatan. Parehong bagay ang ginawa nila sa Nicea, Roma. At 'yun na 'yun ang ginagawa nila ngayon sa Konseho ng Mga Kaiglesyahan, sadyang eksakto. Mga kapatid, hayun nga, mula Genesis hanggang Apocalipsis, ay ganoon pa rin. Yun ang ginawa ng Israel. Yun ang ginawa ni Pilato. Yun ang ginawa ng kabuonan, sa tuwina, mula kay Eba hanggang ngayon, pareho. Tinanggihan nila ang pinatotohanang Salita at ang tinanggap ay isang dogma, na kapalit. Yan ang nagbubunsod ng kamatayan, espirituwal na kamatayan.

Patay! Ipinapangaral pa rin ang Salita sa mga patay. Mismo! Hindi na ganun sa Milenyum, siyanga, kita n'yo. Sila'y—sila'y, napangaralan na. Maaaring naririnig na nila Ito ngayon. Kita n'yo?

¹⁴³ Ang mga anak ni Cain, na siyang bunga ng dipananampalataya sa Salita ng Diyos, tinuya ng mga anak ni Cain ang mensahe ng propetang si Noe. Napansin n'yo ba 'yun? Kamit ang Salita ng Diyos ay dala niya ang—ang inihulang kahatulan, at may kitang-kita na na mga tanda't, pinagtibay na na mga tanda na ang panahon ay malapit nang magwakas, at tinuya lamang Ito ng mga anak ni Cain.

Katulad mismo ng ginagawa nila ngayon. Kaya, 'yun din, ang ginawa nila noong panahon ni Jesus. Ganoon din ang ginawa nila sa lahat na mga kapanahunan. Noon pa man. Kanilang tinutuya at nililibak Ito. Kanyang sinabi, “Sa huling mga araw ay darating ang mga manunuya, na sinasabi, ‘Wala namang pinagkaiba ang panahon, buhat ng nangakatulog ang aming mga magulang.’” Kita n'yo?

¹⁴⁴ Ganoon din ang ginawa ng mga anak ng diyablo, sa pamamagitan ng relihiyosong sistema, sa Salitang nahayag noong panahon ni Jesus Cristo. Tingnan n'yo, ang mga sistemang relihiyon ng mga Judio, (Kapatid na babaing Rose), mga Judio na sana'y mas maalam kung ano ang mas mainam, pero ibinunsod ng sistema nila na tanggihan at tuyain nila ang Salita ng Diyos (na sinasabi nila na sinasampalatayanan daw nila) na nahayag, na wala ni isang Salita ang wala sa kaayusan. Ganoon din mismo ang ginawa nila.

¹⁴⁵ Pareho sa ginagawa nila ngayon. Ang relihiyosong sistema na nasa malaking makinaryang ito na kanilang pinasimulan ngayon ay, ganap na, tinanggihan ang mga pangako sa huling-panahon; itong huling-panahon na Mensahe, at ang huling-panahon na tanda, huling-panahon na lahat na bagay na mangyayari mismo, gaya ng inihula ng Diyos dito, nang Salita sa Salita.

Nasa teyp ito. Kung—kung babarilin nila ako, o anuman ang gawin nila, hindig-hindi nila mapipigil ang Mensahe na 'yan! Kita n'yo? Ito'y uusad at uusad mismo. Kita n'yo? Inilabas na ito. Naiteyp na. Nailabas na. Kita n'yo? Hindig-hindi nila. . . Ito'y—Ito'y ang Salita ng wakas, sa mismong panahon ngayon. Ipina- . . . Puspusing pinatotohanan at pinatunayan, nang paulit-ulit-ulit, sa pamamagitan ng mga tanda, kababalaghan, sa pamamagitan ng mekanika, sa—sa—sa pamamagitan ng Dinamiko, sa—sa pamamagitan ng siyensiya, sa pamamagitan ng iglesia, sa pamamagitan ng Diyos Mismo, haya't pinatunayan na ito na mismo ang oras; kapwa sa pamamagitan ng Salita, at sa mga tanda't mga kababalaghan.

¹⁴⁶ Isang Mensahe na pinagtibay ng Diyos sa kalagitnaan n'yo, sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan ng panahon. Isang Mensahe na si Jesus Cristo ay hindi patay, bagkus ay nabubuhay kung papaano Siya noon na nabubuhay, at naghahayag. At tinutupad nito mismo ang Malakias 4 at lahat ng iba pang Mga Kasulatan na sinabi ni Jesus ay lilitaw sa huling panahon, haya't ganap na tinupad, sa siyentipikong paraan man, ng mundo. At nakalimbag sa mga magasin ang malalaking litrato ng mga bilog na Liwanag, na inihula rito. Ang mga Anghel ng Diyos, na bumaba, na wala silang kaalam-alam tungkol dun. At sa lahat, lahat na dako, ito'y pinatunayan, sa buong mundo mismo!

¹⁴⁷ Ang kasunod ay ang pagpapapako sa krus, at kinakaharap na natin ito. Katulad ng sinabi noon ni Jesus, “Ano ang sasabihin Ko, ‘Iligtas Mo Ako, Ama, mula sa oras na ito’? Pero, hindi. Ang Iyong kalooban ang matupad, kita n'yo, sa lupa, kung papaano sa Langit.”

¹⁴⁸ Yan ang sinasabi ng Iglesia, ngayon, mula sa puso nito, “Ako aanib sa kung ano . . . ? Hindi, Panginoon, hindi. Ang Iyong kalooban ang matupad, kung papaano sa Langit.”

¹⁴⁹ Pansinin n'yo, matapos na pagtibayin ang ipinangakong Salita para sa kapanahunan na 'yun, kanilang tinanggihan Ito. Ganoon din ang ginawa nila sa panahon ngayon. At ngayon ako'y papatapos na. At sa pagparito Niya na malinaw na ipinakilala ang Kanyang Sarili na Siya ang Salita, at humantong nga sa pagtutuos kung saan kinakailangan nilang piliin ang Salita o piliin ang sistema; ganoon din sa panahon ngayon, kailangan nitong piliin ang Salita o piliin ang sistema. At pinili nila ang

sistema. Ngayon anong ginagawa nun? Sa pagtatapos po. Siya'y nasa mga kamay na ng sanlibutan. Siyanga.

¹⁵⁰ Ngayon, ang teksto ko. Naku't napakahaba nang pasakalye ko, pero ngayon ako'y magsisimula na talaga, kita n'yo. Huwag po kayong tumayo, nagbibiro lang po ako. Tingnan n'yo, heto ang teksto ko. Alam naman natin 'yan. Ito'y paglalalatag lang ng pambungad na tagpo. Heto't nakalatag na ang lahat sa atin sa isang latag na lang ngayon dito. Diretso na nating talakayin ito at tingnan natin kung anong itsura nito, ilagay natin sa ilalim ng lente.

¹⁵¹ Si Jesus ay nasa mga kamay noon ng mga tao. Nasa mga kamay ng mga iglesya. Ano ang gagawin mo sa Jesus na ito na tinatawag na pinahirang Salita? Ang ibig sabihin ng *Cristo* ay "pinahirang Salita." Kita n'yo?

"Ano ang gagawin n'yo sa Jesus na ito?" sabi ni Pilato. "Ano kaya ang gagawin ko Rito? Ano, ano ba ang magiging hakbang ko? Ano ba ang gagawin ko sa Jesus na ito na tinatawag na Cristo?"

¹⁵² Ano ang naging sigaw ng mundo? Ano ang naging sigaw ng iglesya? "Ipako Ito! Patigilin Ito! Ayaw na namin Nito."

¹⁵³ May itatanong ako sa inyo na isang bagay. Naiisip n'yo ba ang sala na nasa mga kamay ni Oswald, sa umagang ito, siya na pumatay sa Presidente? Naiisip n'yo ba 'yung ihahatol sa kanya kung mapapatunayan na siya ang gumawa nun? Inyo bang—inyo bang naiisip kung may habag na natitira pa sa kanya? Ang dugo ng Presidente ng Estados Unidos ay nasa kanyang mga kamay. Naiisip n'yo ba ang Federal na Korte. . . Kahit na gaano pa siyang magmakaawa, "Hindi ko po sinasadya," talagang hindi siya lulusot maski kaunti. Mamamatay siya. Bakit? Nasa mga kamay niya ang dugo ng Presidente. Naiisip n'yo 'yung ganoong pakiramdam? Gusto n'yo bang magkaroon ng ganoon sa inyong mga kamay? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.]

¹⁵⁴ Buweno, paano naman sa Dugo ni Jesus Cristo? Akala n'yo kayo'y lusot na, matapos na Ito'y puspusan nang pinatotohanan? Papaano n'yo Ito matatakasan? Ang Kanyang Dugo ay nasa inyong mga kamay, ikaw na may sala! Ikaw na makasalanan, saan ka patutungo mula rito? Ano ang gagawin n'yo matapos ang pagtitipon sa umagang ito?

¹⁵⁵ Iisipin n'yo, sasabihin n'yo, "Buweno, balak kong. . . Hindi ko naman naisip na magiging ganoong kasama." Marahil sasabihin ni Oswald ang ganoon din.

Kung ang hustisya sa ating Kataas-taasang Hukuman ay tatawag ng hustisya, tatawag nga ito. Yun ay—'yun ay ang ating. . . Yun ang ganap na tagapagpasiya sa ating bansa. Ang buong bansa'y tumatalima sa Kataas-taasang Hukuman, at wala nang pupuntahan pa. Ginawa niya ang krimen. Kinakailangan niyang pagbayaran 'yun. Kahit na gaano pang hindi niya sadya,

gaano man ang intensyon niya, o kung wala ba; pagbabayaran at pagbabayaran niya, ano't anuman.

Kung humihiling ang Kataas-taasang Hukuman at ang mga hurado nito ng ganting kabayaran, gaano pa kaya kapag naroon na kayo sa Harapan ng Paghahatol ng Diyos, sa pagharap n'yo roon na ang Dugo ni Jesus Cristo'y nasa inyong mga kamay? "Ano ang gagawin ko sa Jesus na ito na tinatawag na pinahirang Salita?" Napakinggan n'yo na Ito. Alam n'yo nang Katotohanan Ito. Ito'y puspos na mismong pinatotohanan.

¹⁵⁶ Isang mamamatay? Nanaisin n'yo ba ang isang makadenominasyong mamamatay ng Salita, kaysa sa walang salang Cristo? Ipapako n'yo ba? Mangangahas ba kayong—kayong piliin si Barrabas? Ang isisigaw n'yo ba ay Barrabas? Huwag na huwag mangahas ang sinuman na gawin 'yan, na ang isisigaw ay si Barrabas, ang mamamatay ng Salita, kaysa sa piliin ang Salita, Mismo, na siyang Buhay! At nasa kamay n'yo na Ito.

¹⁵⁷ Noong mabalitaan ko ang pagpatay kay Presidente Kennedy, ang Mensaheng ito'y nailagay sa puso ko. Naisip ko, ano kaya ang gagawin ng taong 'yun? Hindi na niya ito malulusutan ngayon. Marahil nagising na siya sa sandaling ito at napagtanto kung ano ang naghihintay sa kanya.

¹⁵⁸ Darating ang oras na kayo'y magigising din. Dito, o diyan sa teyp, kung nasaan man kayo, darating ang oras na kayo'y magigising, ikaw na makasalanan, at mapagtatanto na may Dugo sa inyong kamay, at ang Dugo 'yun ng Anak ng Diyos, at kayo'y may sala ng pagpatay sa Kanya. Pinatay Siya ng inyong kasalanan. Yang di-pananampalataya n'yo sa Kanyang Salita, 'yang di n'yo pagkilala sa Kanyang pagpapakilala, pinighati ang Espiritu Santo. At anong magagawa n'yo kundi tumayo sa Paghahatol ng Diyos, samantalang nalalaman n'yo kung anong mangyayari sa inyo! Oo, ang dugo ni John Kennedy sa mga kamay ni Oswald ay magiging munting bagay lang, kumpara sa Dugo ni Jesus Cristo sa inyong mga kamay sa pagtayo n'yo sa harap ng Diyos.

¹⁵⁹ "Ano ang gagawin ko sa Jesus na ito na tinatawag na Cristo?" sabi ni Pilato. Si Jesus ay inilagay sa kanyang mga kamay.

At ang Dugo ni Jesus Cristo'y inilagay muli sa mga kamay ng kongregasyong ito. Inilagay ito sa mga kamay ng bansang ito, at sa palibot ng mundong ito, kung saan nakakaabot ang mga teyp na ito, at ang ganoong mga bagay ay pinatotohanan at pinatunayan ng Diyos.

Ngayon ano ang gagawin natin sa Jesus na ito na tinatawag na, "Siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman"? Ano ang gagawin natin sa Jesus na ito? Handa na ba kayong pumuwesto sa Kanyang tabi?

¹⁶⁰ Si Pilato, at katulad sa ginawa noon ni Pilato, may tatlong bagay nga na natitira na maaari n'yong gawin sa Kanya. Sinikap

ni Pilato ang lahat na tatlong ito, at bigo siya. Tatlong diskarte na maaari n'yong subukang gawin, pero hinding-hindi nga uubra. Sinubukan ni Pilato na alisin Siya sa kanyang mga kamay. Pero kapag nailagay na mismo sa inyong mga kamay, Ito'y nasa inyong mga kamay na talaga. Sinubukan ni Pilato ang tatlong iba't ibang bagay, at nabigo.

¹⁶¹ Kailangan natin harapin ang katotohanan na Siya'y nasa ating mga kamay. Nakita na natin Siya sa Kanyang Salita. Nakita na natin Siya na pinatotohanan ang Kanyang Sarili. Alam natin na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tama ba?

Mangyari nga, na hindi lang ako nangungusap sa kongregasyong ito na narito sa umagang ito, dahil kung ganoon anim, pitong daang tao lang ang pinangungusapan ko, marahil, pero ako'y nangungusap sa milyun-milyon na nasa teyp na ito na iikot sa mundo. Kita n'yo? Siya'y nasa inyong mga kamay, kayo na mga nakikinig sa teyp, nasaan man kayo. Alam n'yo na Ito'y Katotohanan. Kung hindi, kung ganoon kayo'y bulag; hindi n'yo makita ang Salita, at di n'yo makita ang Diyos sa Salita. At Siya'y nasa inyong mga kamay. Ngayon ano ang gagawin n'yo sa Kanya?

¹⁶² Sinubukan ni Pilato na bitiwang Siya, pero kailangan nating harapin ang katotohanan. Kinailangan noon na harapin ito ni Pilato. Nalaman na niya. Napakinggan na niya.

Buweno, sasabihin n'yo, "Di ko naman ito nakita kailanman." Napakinggan n'yo na Ito, sa kung papaanong paraan. Napapakinggan n'yo na nga Ito ngayon mismo. Kita n'yo?

Gusto ni Pilato na si Jesus ay magpamalalas ng himala, o isang pagma-madyik, para sa kanya. Pero hindi nga si Jesus nagma-madyik; ginagawa lamang Niya ang bagay na sinabi ng Diyos sa Kanya na gawin.

¹⁶³ Narinig n'yo na, "Ang pananampalataya'y nanggagaling sa pakikinig." Meron ka ngang pananampalataya, at iniwasan pa... para alisin ito sa inyong mga kamay. Pero kailangan nating kaharapin ang katotohanan, ano't anuman. Ganoon ang nangyari sa kanya, at ganoon din tayo na kailangan nating kaharapin ang katotohanan. Siya'y ganap nang ipinakilala. Isipin n'yo, may Dugo ng isang Lalaki sa inyong mga kamay!

¹⁶⁴ Kinakailangan magbantay ang isang tao kapag may dugo siya ng ibang tao sa kanyang mga kamay. Tingnan n'yo ang isang eroplano. Ang isang piloto ng eroplano, kapag paaandarin na niya ang eroplano, sinusuri niya ang bawat instrumento. Bakit? Nasa kanyang mga kamay kasi ang dugo ng ibang tao. Bawat mumunting instrumento ay kailangang masuri, sinusuri niya ito. Kapag lalabas na siya roon at mamaneobrahin ang eroplano, kanyang—kanyang—kanyang irerebolusyon ang—

ang—ang motor, ang makina, at sisiguraduhin na napainit ito. At itotodo 'yung regulador, para masigurado na 'yung buga ay talagang—talagang. . . kung magagawa ba nun na—na—na makapagbigay—puwersa, o palalakasin 'yung propeler, din, para matingnan kung may sapat na hangin ba para umangat mula sa lupa.

Nakatayo na kayo, marami sa inyo, sa eroplano, o nakaupo na, at 'yung buong eroplano'y umuuga na aangat na, halos. Ibinibigay niya ang lahat, para tingnan kung mayroon bang wala sa pagkakaayos. Dahil kung mayroon, pupugak—pugak 'yun at titirik. Pero sinusuri niya uli, kahit na magtagal siya roon nang kaunti, hanggang sa suriin niya uli. At kung pinapanatili pa niya nang medyo matagal, kanya kasing sinusuri uli.

¹⁶⁵ Ganoon din dapat na ang Iglesya'y magsuri, nang magsuri, nang magsuri, nang magsuri! Hinihintay natin ang Kanyang Pagparito. Tayo'y talagang gising, na hinihintay ang pag-angat. Kaya kinakailangan na sinusuri natin ito sa Salita, hindi sa kung anong sinabi ng kung sinong tao. Tiyakin n'yo na alam n'yo, mismo, bilang isang personal na karanasan kay Cristo. Suriin n'yo, nang suriin, nang suriin.

Bakit? Nasa mga kamay ng piloto na 'yun ang dugo ng ibang tao. Kaya kailangan niya talagang suriin.

¹⁶⁶ Ganoon din ang isang doktor, hindi ba't bago mag-opera? May dalawang doktor tayo na nakaupo rito sa umagang ito. Pansinin n'yo, ang isang doktor, kung ano ang ginagawa niya bago siya mag-opera. Humihingi siya ng x-ray. Humihiling siya na masuri ang dugo. Humihiling siya na masuri ang puso. Humihiling siya na masuri kung kayo ba'y may sipon, bago niya kayo turukan ng anesthesiya. Hinihiling niya na masuri ang bawat instrumento; iniisterilisa, nang husto, para matiyak na walang mikrobyo. Ginagawa niya ang lahat. Kanyang paulit-ulit na sinusuri, at sinusuri, at sinusuri, at sinusuri, nang paulit-ulit. Bakit? Nasa kanyang kamay kasi ang dugo ng isang tao. Ninanais niya na siguradong-sigurado siya na ang lahat ng mga bagay ay tamang-tama mismo.

¹⁶⁷ Paano naman kayo? Paano naman kayo, na makasalaman, ano ang nararamdaman mo ukol dito?

Na may dugo ng ibang tao sa inyong kamay, responsibiliad gaya ng isang piloto, haya't nagsusuri siya; ang doktor, haya't nagsusuri siya; at marami pang iba, maraming siyentipiko; kapag nasa inyong mga kamay ang dugo ng ibang tao, anong gagawin n'yo!

Kapag ang isang hukom ay magpapataw na ng sintensya, masdan n'yo kung papaanong binabasa niya ang mga libro, nang paulit-ulit-ulit-ulit-ulit, 'yung bawat mumunting detalye na makikita niya, bago niya ipataw ang sintensya. Dahil, nasa kanyang mga kamay ang dugo ng ibang tao, kaya kailangan na

may bagay dito na magpapatunay na makatarungan 'yun. Kita n'yo?

¹⁶⁸ Paano naman tayo, yamang nakikita na natin na Ito'y lubos na mismong pinakilala, na, "Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman"? Narito Siya. Siya'y nasa ating mga kamay. Siya'y nasa ating mga kamay. Siya'y nasa inyong mga kamay! Ano ang gagawin n'yo sa Kanya? "Ano ang gagawin ko sa Jesus na ito na pinahirang Cristo?"

"Ano ang ginagawa Nito? Paano n'yo nalalaman na Siya Ito?"

Ang pangako ng araw na ito, ang araw na kinabubuhayan natin, napakarami mismo ng sinasabi ng Kasulatan, napakaraming pulgada Nito ang inaasahan na matupad, itong huling mga pulgada ng huling araw na ito. May bagay *rito* na inaasahang mangyari, at heto na ito. Ano ito? Ang siya ring pinahirang Cristo, ang pinahirang Salita! Ano ang gagawin n'yo Rito? Ibebenta n'yo ba sa denominasyon?

¹⁶⁹ Ngayon ano ang ginawa ni Pilato? Sinikap ni Pilato na alisin Siya sa kanyang kamay sa pamamagitan ng paghuhugas-kamay, sa pagsasabi. . . Ang unang bagay na ginawa ni Pilato ay sinubukan niyang alisin Siya sa kanyang kamay sa pamamagitan ng paghuhugas-kamay, sa pagsasabi, "Oh, ayos naman Siya. Mabait naman Siya." Kita n'yo?

¹⁷⁰ Sasabihin n'yo, "Oh, kahabag-habag na Pilato." Si Pilato, marami sa kanila ang nangangatwiran para sa kanya? Hindi, hindi, hindi! Siya talaga ay nasa kanyang mga kamay. Narinig na niya ang Mensahe, nakita na niya mismo ang Salita, at Siya'y nasa kanyang mga kamay. At ganoon din Siya na nasa inyong mga kamay. Tama.

Ano ang ginawa niya? Tinangka niyang sabihin, "Oh, buweno, Siya'y isang mabuting Tao. Wala akong nakikitang kamalian sa Kanya."

¹⁷¹ Kung hindi ba't 'yan ang—ang—ang bukambibig ng maraming tao sa panahon ngayon! "Oh, wala namang mali sa Salita. Sa palagay ko ayos lang. Tama naman ang Biblia, pero naniniwala kami sa iglesya. Hindi sumasang-ayon Dito ang denominasyon namin." Kita n'yo? Kita n'yo? May isang uri mismo ng mga tao na sinusubukan Siyang alisin sa paghuhugas-kamay.

"Wala akong nakikitang mali sa Salita. Mainam 'yun para sa mga alagad noong panahon nila, pero nabubuhay na tayo sa ibang panahon. Hindi na tayo nabubuhay sa panahon ng mga alagad, kaya hindi ko na kailangan gawin ang ginawa noon ng mga alagad. Hindi ko kailangan magpabautismo sa paraan ng pagbabautismo nila noon; nabubuhay ako sa ibang panahon. Hindi ko kailangan makamit 'yung mga bagay na kinamit nila noon; nabubuhay ako sa ibang panahon. Sa grupo lang nila noon ibinigay ang Espiritu Santo."

¹⁷² Inilalagay Siya ng Mga Hebreo 13:8 pabalik sa inyong mga kamay uli. Hindi matatakasan! Siya'y puspusan mismong pinatotohanan, "Siya'y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Hindi n'yo 'yan matatakasan. Hindi n'yo Siya puwedeng ilagay na lipas na sa ibang kapanahunan. Kinokondena ng Mga Hebreo 13:8 ang inyong kaisipan, at inilalagay Siya pabalik sa inyong mga kamay muli. Kaya si Jesus ay nasa inyong mga kamay, gaya noon kay Pilato.

Tingnan n'yo. Sasabihin n'yo, "Pero di ko alam." Buweno, ano't para saan ang pakikinig mo?

¹⁷³ Si Pilato ay isang pagano. Ang asawa niya ay isang pagano. Pero ang Diyos, upang ipaging makatuwiran ito, ipinadala dun ang babaing 'yun at nagsabi, "Huwag kang magkaroon ng anumang kinalaman sa matuwid na Lalaking ito." Sabi niya, "Naghirap ako sa araw na ito." Siyempre, umaga na nun, nangyari 'yun nung gabi, at ang isang dalawampu't apat na oras ay kinokonsidera na isang araw. "Naghirap ako sa ilang mga panaginip noong gabing ito, ukol sa matuwid na Lalaking ito. Huwag kang magkaroon ng anumang kinalaman Dito."

¹⁷⁴ Ngayon ang sabi niya, "Buweno, kung ganoon, papawiin ko na lang Siya sa paghuhugas ng kamay." Pero hindi niya 'yun magawa.

Ganoon din sa inyo. Kapag narinig n'yo na nang isang beses ang Katotohanan, kinakailangan n'yong tanggapin Ito o tanggihan Ito. Walang ibang paraan...Siyanga, po, kinakailangan n'yong magpasya. Grabeng mga babala ng Panginoon!

¹⁷⁵ Pagkatapos sumigaw ang mga Judio, "Pananagutan namin ang Kanyang Dugo; dahil mas paniniwalaan namin ang aming mga saserdote, ang maka-denominasyon naming sistema, bago kami maniwala sa Kanya."

Hayan nga. Nakikita n'yo ang mga uri ngayon? Pero ang lahat ay kailangang humarap sa usaping ito ukol sa Diyos. Kailangan n'yong magpasya, ano't anuman, pagano o anuman kayo. Di-mananampalataya, Methodist, Baptist, Presbyterian, sala-sa-init sala-sa-lamig, malamig, mainit, at anuman kayo, kakaharapin at kakaharapin n'yo ang usaping 'yun. Gusto n'yo man, o hindi, Ito'y nasa inyong mga kamay. Eksaktong ganoon.

¹⁷⁶ Tapos may ilan na sinusubukan 'yung isa pang diskarte ni Pilato para iwasan ang naturang usapin, ipinasa Siya sa kung sinong Cesar. Kita n'yo?

Sabi ni Pilato, "Ngayon sandali. Ayaw kong—kong—kong—kong magkaroon ng anumang kinalaman Dito. Ako—ako—ako—ako. . . Siya'y isang matuwid na Lalaki. Ayaw kong—ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman sa Kanya. Oh, ako'y—ako'y naniniwala sa bagay na narinig ko. Hindi ko pa Siya nakita na nagpamalas ng isang himala, pero napakaraming sumaksi sa

Kanya. Ako'y—ako'y—ako'y naniniwala na Siya'y isang matuwid na Lalaki. Isa Siyang mabuting Tao, kita n'yo, pero—pero ayaw kong—ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman Dito, mismo. Ako'y—ako'y—ako'y sadyang. . . Akin Siyang iwawaglit sa paghuhugas ng aking mga kamay. Dalhan n'yo ako ng tubig. Sumaksi kayong lahat sa akin dito.” Oo. Pero ang Diyos ay sumasaksi, rin. Na Siya'y nasa kanyang mga kamay mismo.

177 At ganoon din Siya sa inyong mga kamay. Kita n'yo, alam n'yo kung anong ipinapangusap ko rito. Kita n'yo? Hindi lang kayo, pati ang mga nakikinig sa teyp. Siya'y nasa inyong mga kamay. Ano ang gagawin n'yo sa Kanya, sa Jesus na ito na tinawag na Cristo? Si Cristo ang Pinahirang Salita. Kita n'yo? Ano ang gagawin n'yo Rito? Ito ay ang napapanahong Mensahe. Narito na ang araw, na puspulang pinatunayan na ng Biblia't ng Diyos. Ano ang gagawin n'yo Rito? Paano n'yo iiwasan ang naturang usapin ngayon? Paano n'yo matatakanan ito? Siya'y nasa inyong mga kamay! At ang kaso ni Oswald ay magiging maliit na bagay lang, kumpara ng sa inyo, kayo man ay ministro o kung sino man kayo.

178 Sila na mga Judio noon ay mga saserdote, at mga rabi, mga guro, mga banal na kalalakihan; pero Siya'y nasa mga kamay pa rin nila mismo. Siya ang Salita, ang usapin ng Diyos para sa panahon na 'yun, at bigo sila na makita Ito. Ang mga hirang lang ang nakakita Rito, sila na mga sumampalataya Rito.

179 Ngayon ang lahat ay kailangang kaharapin ang usapin na 'yun. Sa bawat nagdaang kapanahunan ay ganoon nga, sa tuwina. Mula sa kapanahunan ni Eba at Adan, hanggang sa kapanahunan ni Noe, pababa sa panahon ni Daniel at Beltsasar at Nabucodonosor, pababa sa panahon ni Cristo, hanggang sa mismong panahon na ito na kinabubuhayan natin, ganoon na ganoon sa tuwina, ang usapin ukol sa Salita ay inilantad na. Hindi ang kanilang kredo, o kanilang denominasyon, hindi ang dogma, pero, ang usapin ukol sa Salita ay laban sa mga bagay na 'yun. Kaya, ngayon, Ito'y nasa mga kamay na ngayon.

180 Pagkatapos sila na sinubukan 'yung diskarte ni Pilato, na iwasan siya, sa pagpapasa sa Kanya sa ibang tao. Sabi ni Pilato, “Ngayon, alam n'yo ba? Iwawaglit ko nga Siya sa aking mga kamay. Aalisin ko Siya sa paghuhugas ng aking mga kamay gamit ang tubig na ito. Kaya akin lamang. . . Dapat may magawa akong bagay ukol sa Kanya. Siyanga't anong gagawin ko? Ipadala ko Siya sa punong-himpilan, sa obispo.” Uh-huh. Oo.

Yan ang bagay na sinusubukan nilang gawin ngayon. Kita n'yo? Pinapadala nila Siya sa isang Cesar. Hindi pa rin nun Siya naalis mula sa mga kamay ni Pilato, ni nawaglit man Siya mula sa kamay ng kahit sino. Ano pa ngang ibinunsod nun? Bumalik 'yun sa kanya. Bumabalik mismo sa indibiduwal.

¹⁸¹ Sasabihin n'yo, "Buweno, gagawin ko, gagawin ko naman, tatanggapin ko Ito kung tatanggapin Ito ng denominasyon ko."

Ang denominasyon n'yo ay nasa Konseho ng Mga Kaiglesyahan, kinondena na! Paano nila tatanggapin Ito? Ito nga'y bumabalik, sa inyo mismo. Hindi ito sa kung ano ang sinasabi ng denominasyon n'yo; ito'y kung ano ang sinasabi n'yo? Kanilang tinanggihan na ito; ngayon anong gagawin n'yo Rito? Yan ang kasunod na bagay. Kita n'yo? Hindi 'yan magbubunsod na mawaglit Siya mula sa inyong mga kamay.

Siya'y lubos na pinatotohanan na. Siya'y lubos nang ipinakilala, ang Salita para sa panahong ito, ang pangako para sa panahon na ito. Hindi ang pangako sa panahon ni Luther; Ito nga'y sa panahon na 'yun, 'yun ang Salita sa kapanahunan ng mga repormista. Gaya, ng napakinggan n'yo na *Ang Pitong Tatak*, noong natapos ang kapanahunan ng mga repormista, ang Hayop na may mukha na gaya sa isang tao (organisasyon) ay natapos na rin; pero ito ay mukha na ng agila, ang Hayop na pumaroon para harapin ang hamon ng panahon ngayon.

¹⁸² At sinong mangangahas na sasabihing hindi 'yun ang kinasihang Salita ng Diyos, samantalang pauna na Niyang sinabi Ito rito, at isinugo roon sa Arizona at dinala Ito pabalik, na ang siyensiya't lahat na iba pa'y, haya't pinatunayan Ito mismo! *Itong Aklat* na ito'y bukas na, siyanga, hinihintay na lamang ang Ikapitong Tatak na mapagkilanlan patungkol sa Pagparito ni Cristo.

¹⁸³ Buweno, Siya'y nasa inyong mga kamay. Kinakailangan n'yong magpasya ukol sa Kanya. Huwag n'yo Siyang iwawaglit. Siyanga, po. Sa kategorya na ito, babanggitin ko 'yung, "ipinapasa Siya sa iba."

"Kung tatanggapin Ito ng denominasyon ko, Kapatid na Branham, aking—aking tatanggapin Ito. Pero, kita mo, ang nanay ko kasi'y kaanib ng iglesyang ito." Siya ang nabuhay sa kapanahunan niya; hindi ikaw. Ikaw na sa ngayon. Tingnan n'yo kung ano ang kanyang iniwan noon, para maging kung ano siya. Paano naman kayo? Buweno.

¹⁸⁴ Tingnan n'yo. Sasabihin n'yo, "Ang nanay ko ay isang Pentecostal. Ginawa niya ang *ganito-at-ganoon*. Iniwan niya ang organisasyon." Pero kayo ang pinagsusumikapan kong kausapin ngayon. Paano naman kayo? Kita n'yo?

Sa kategoryang ito, maraming edukado ang masusumpungan natin. Ngayon, alam ko na makakasakit ako ng damdamin dito, pero hindi ko intensyon na manakit. Kung ganoon po, hayan nga na dapat akong—dapat akong lumuhod sa altar, na nagsisisi. Sinasabi ko ito na may banal na pag-ibig.

¹⁸⁵ Si Jesus, noong tumayo Siya roon, at sila na mga Fariseo, sinabi sa kanila, "Kayo ay sa ama n'yong, diyablo; ang kanyang

mga gawa'y ginagawa n'yo." Sa kabila nun Siya ay tumawag pa rin ng kapayapaan at habag para sa kanila, doon sa krus, na mga nagpako sa Kanya. Kita n'yo, hindi Siya galit sa kanila. Ang sabi Niya, "Kayo na salinlahi ng mga ulupong." Kita n'yo? Kita n'yo? Lahat na, Kanyang pinagsabihan sila ng lahat na masasakit na magagawa Niya, kita n'yo, at pagkatapos ay ipinagdasal sila sa krus. Kita n'yo? Hindi dahil ninais Niya na gawin 'yun; hindi 'yun ganoon, pero kailangan nilang makita ang mali na ginagawa nila.

¹⁸⁶ At sinasabi ko ang siya ring bagay ngayon, sa kategorya na ito ng "pagpapasa ng responsibilidad sa ibang tao," o parang 'yung kasabihan natin sa sandatahan, "ipinapasa ang dolyar sa ibang tao." Ang tinangka nating gawin ay ipasa, katulad nina Adan at Eba.

Tinangka ni Eba. Sabi ni Adan, "Ang babae kasi na Iyong ibinigay sa akin," at hindi nga 'yun katuwiran para makalusot siya. Kita n'yo? Ang sabi ng babae, "Dinaya kasi ako ng serpiyente. Siya . . . Siya yaong seksuwal na nakipagniig sa akin. Dinaya niya ako. Ginawa niya *ito*." Hindi nga 'yun umubra, ano't anuman. Diretso pa rin sila sa kahatulan, mismo. Siyanga, po. Buweno.

¹⁸⁷ Hindi nila 'yun maipapasa, ang isa . . . Di ka makakapagsabi, "Kung paniniwalaan Ito ng denominasyon ko, ako—ako na rin. Pero, matagal na kasi ako sa denominasyong ito." Wala nga 'yan ni isang bagay na may kinalaman dun. Kung papaanong ganoon 'yun sa mga Judio, ganoon din sa inyo.

¹⁸⁸ At, tandaan, marami rito, ang masusumpungan natin sa kategoryang ito na mga kalalakahang may disenteng paglilintang. Ngayon pakinggan n'yong maigi.

Kita n'yo, paglilintang, 'yung tinatawag natin na paglilintang sa panahon ngayon, ay 'yung ibinunsod ni Satanas kay Eba, isang munting karunungan. Sabi, "Hindi mulat ang mga mata n'yo, kaya di n'yo nauunawaan ang lahat ng Ito." Alam ni Eba ang Salita, at 'yun lang 'yun. Nakita niya ang Diyos na pinatototohanan ang Salita na 'yun, at ang dapat sana'y mainam na 'yun. Pinapanatili siya ng Diyos sa Buhay na Walang Hanggan, basta't manatili siya sa Salitang 'yun. Noong suwayin niya ang Salita na 'yun, natanggap na niya ang sinalita ng Diyos na siya'y mamamatay sa araw na suwayin niya Ito. At, noong suwayin niya Ito, namatay siya. Ganoon nga.

¹⁸⁹ Narito sa atin ang pinagtibay na Salita ng Diyos, na pinatototohanan, pinatutunayan ng Espiritu, na Kanyang tinanggap tayo at binigyan tayo ng Bautismo ng Espiritu Santo. Tayo'y binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang siya ring Ebanghelyo, siya ring mga tanda, siya ring mga kababalaghan, siya ring pagmimimistryo, maging siya ring Haliging Apoy na

nakikita sa harapan natin, na nagpapakita ng mga tanda't mga kababalaghan. Wala ngang maidadahilan, saanman.

At 'yan ang eksaktong sinabi ng Biblia na mangyayari sa huling mga araw, at may tawag mula Malakias 4, "para papanumbalikin ang Pananampalataya ng mga anak sa kanilang mga magulang muli." At pagkatapos nun, ang masasama'y lalakad. . . o ang matutuwid ay lalakad sa ibabaw ng mga abo ng masasama; ang buong mundo'y susunugin. At ang mga atomika'y nakabitin na roon, ang mga bomba'y nasa suksukan na.

¹⁹⁰ Nakita n'yo ba kung ano ang ginawa ng Alemanya noong malaman nila na ang Pres- . . . ang Presidente'y pinatay? Tinipon nila dagli-dagli ang kanilang hukbo, dahil 'yun lang ang tanging bagay na pumipigil sa Rusya na bombahin 'yun. At kanilang natunugan. . . Nagpadala si Kennedy sa kanila ng pasabi, na, sa oras na gawin nila 'yun, ay kanyang buburahin sila sa mundo, buburahin sa Alemanya. Kita n'yo? At iniisip nila na makukubkob nila 'yun, pero hindi pa 'yun ang oras, hayan nga. Kita n'yo?

¹⁹¹ Nakikita natin ang matatalino't, edukadong mga mangangaral, mga ebanghelista, na tinatangang ipasa Ito sa ibang tao. Kita n'yo?

Aba, bakit di sinabi ni Pilato, "Buweno, sandali lang, ang Lalaking ito. . . sinabi na sa akin ng asawang babae ko, at nakarinig na ako ng maraming patotoo ukol sa Iyo. Alam mo, ako—ako'y interesado. Nais kong malaman. Anong magagawa ko para magkamit ng Buhay na Walang Hanggan, Ginoo? Ika'y nasa aking mga kamay. Ano ang maaari kong gawin?" Buweno, sasabihin niya—sasabihin niya. . . Ang sabi niya, "Ikaw—Ikaw ba ang Mesiyas? Ikaw—Ikaw ba ang—ang Hari ng mga Judio?"

¹⁹² Ang sabi Niya, "Ikaw ang may sabi. Ikaw ang nagsabi nito."

"O, sabihin Mo sa amin, 'yung totoo, Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?"

Ang sabi Niya, "Ako'y ipinanganak para riyán."

Ang sabi niya, "Wala akong makitang anumang kamalian sa Kanya." Uh-huh. "Buweno, iwawaglit ko na lamang Siya sa paghuhugas ng aking mga kamay."

¹⁹³ Sinagot Niya siya, pero di pa rin niya Ito matanggap. Bakit? Ibababa kasi nun ang kanyang kabantugan. Kaya naisip niya na ipadala na lang niya sa presbitero ng estado, at titingnan kung anong gagawin nito ukol Dito. Kita n'yo?

¹⁹⁴ Ganoon din ngayon, ang usapin ay inilabas uli. Ano ang gagawin n'yo Rito, sa Salita? Ano ba ang dapat n'yong gawin, itatanong n'yo ba sa presbitero, o sa obispo, o sa kung sino, kung puwede n'yong baguhin 'yung motibo n'yo ng pagbabautismo, kung puwede n'yong gawin ang *ganito*, o gawin ang *ganito*?

Nakikita n'yo naman *mismo*, at, “Tiyak, hindi puwede.” Umikot lang pabalik sa inyo. Kung gagawin n'yo naman, kayo'y sisipain. Kita n'yo?

¹⁹⁵ Ibababa nito ang kabantugan ng mga tao. Oo, iisipin nila—iisipin nilang... At hindi maaatim ng maka-denominasyong konseho... Kagaya—kagaya ng ipinapasa Ito ni Pilato kay Cesar; hindi nga nila Ito maaatim. Ibinalik nga Ito ni Cesar sa kamay ni Pilato. Kaya naiisip nilang ipasa Siya sa kanilang—sa kanilang mga namumuno sa denominasyon, at hindi 'yun umubra. Hindi umubra ang diskarte na 'yun, at hinding-hindi ito uubra. Hindi 'yun umubra kay Pilato; hindi rin 'yun uubra sa inyo; hindi 'yun uubra kahit kaninuman. Ngayon, ikalawa, ang bagay na maaari n'yong gawin. . .

¹⁹⁶ O ikatlo, ang ibig kong sabihin, ay ang tanggapin Siya o tanggihan Siya. Hindi n'yo Siya maaalis sa paghuhugas ng inyong mga kamay. Hindi n'yo Siya puwedeng pagpasa-pasahan sa kung anong ibang sistema, o sa kung anong ibang bagay. Kinakailangan na kayo mismo ang humarap sa usaping 'yun. Kaya ano ang puwede n'yong gawin?

Kagaya ni Pilato, tumayo na siya sa siya ring bagay na ito, ang sabi niya, “Bigyan n'yo ako ng tubig, iwawaglit ko Ito sa paghuhugas ng aking mga kamay, bilang patunay!” Noong bumaling siya, kinailangan niya pa ring magpataw ng hatol; hindi siya nakalusot. Sinubukan niyang sabihin, “Buweno, ako, kung di ko Siya maiwaglit sa paghuhugas ng mga kamay ko, ipapasa ko Siya sa mga kamay ni Cesar.” At bumalik Ito, sa kanya mismo.

¹⁹⁷ Ito rin ang gagawin nito sa inyo, siya nga, bilang isang indibiduwal. Ano ang gagawin n'yo? Hindi ito sa kung ano ang ginawa ni nanay, sa kung ano ang ginawa ni tatay, kung ano ang ginagawa ng pastor, kung ano ang ginagawa ni Kapatid na Branham, kung ano sa iba; Ito'y nasa *inyong* mga kamay mismo! Ano ang gagawin n'yo ukol Dito, sa Jesus na ito na tinatawag na Cristo? Dahil, may Dugo kayo sa inyong mga kamay, at Ito'y Dugo ng Diyos. Ngayon ano ang gagawin n'yo? Magkakasala kayo ng pagpapapako sa krus. Kita n'yo?

¹⁹⁸ Magawa n'yong ipako Siya sa krus, na tatanggapin n'yo ang inyong mga kredo o anumang bagay na nais n'yo, o sasabihin n'yo, “Buweno, ipapasa ko na lang. Ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman sa bagay na ito na pangsimbahan.” hindi n'yo puwedeng gawin 'yun. Siya'y nasa inyong mga kamay. Ganoon nga. Hindi n'yo 'yan puwedeng gawin. “Kakalimutan ko na lang ang lahat na ito.” Hindi n'yo 'yan puwedeng gawin. Nasa mga kamay n'yo pa rin Ito. “Buweno, sasabihin ko na lang, ‘*Ganito* kasi ang itinuro ng pastor ko.’” Ito'y babalik at babalik, mismo. Ikaw ang magpapasya ukol Dito. Nakakaalam ka na. Ngayon, maaari n'yo Siyang tanggapin o tanggihan Siya,

alinman diyan na naisin n'yong gawin. Ano? Ito nga'y darating alinman sa isa diyan.

¹⁹⁹ Ngayon ano? Gaya ng sinabi ni Jesus sa mga Fariseong ito, ang sabi Niya, "Yamang kayo'y mga bulag na Fariseo," kita n'yo, Sino ang makapagsasabi ng siya ring bagay na 'yun sa panahon ngayon, "kayo na mga bulag na mga tagapagturo ng relihiyon, makikilala n'yo ang panahon ng komunismo. Yun ang lubos na nilalabanan n'yo, at malaman n'yo nawa na ibinangon ng Diyos ang mismong bagay na 'yun para wasakin kayo." Kita n'yo, dahil hindi nalalaman ang Mga Kasulatan. Kita n'yo? "Kayo, makikilala n'yo na sasakupin ng komunismo ang mundo. Makikita n'yo 'yun. Makikilala n'yo 'yun."

²⁰⁰ Lahat na ng mga paksa nati'y tungkol sa komunismo. "Labanan ang komunismo!" Lagi kong naririnig 'yan na nagsawa na akong pakinggan 'yun. Ako man ay laban din, dun. Tunay, laban ako dun. Pero mas laban ako sa lalaki o babae na tinatanghian si Jesus Cristo, ang Salita. O, kayo man ay isang mangangaral o anuman kayo, kayo'y mas may pananagutan kay Cristo kaysa sa komunista na 'yun. Ignorante siya't walang nalalaman na anuman tungkol Dito. Ikaw ang dapat na may alam. Kita n'yo? Nakikilala n'yo ang panahon ng komunismo, pero hindi n'yo nakikilala ang tanda ng araw na kinabubuhayan n'yo.

²⁰¹ Sinabi ni Jesus sa kanila na mga Fariseo, sabi, "Kayo na mga mapagpaimbabaw!" Sabi, "Lumalabas kayo at tinatanaw ang kalangitan, at sinasabi na mapula ang araw at malamlam, masama ang panahon bukas. Kung maaliwalas ang langit," sabi, "sasabihin n'yo bukas maaliwalas ang araw." Sabi, "Nakikilala n'yo ang mga tanda ng panahon, o ang tanda ng kalangitan at ng klima, pero ang tanda ng panahon ay di n'yo nakikilala." Hayun na nga Siya, ang Mesiyas, at tinanggihan pa rin Ito.

At lagi nating bukambibig ang komunismo at iba pang mga bagay na ganito, pero, ang tanda ng panahon, hindi natin makuha-kuha. Kita n'yo? Di natin 'yun nakikita, nakakaligtaan ito. Lumalakip na sila ngayon sa di-pananampalataya, at kanilang tinanggap ito, pero bigong mapag-unawa at makita ang tanda ng panahon na sinabi ng Biblia na mangyayari.

Nakuha n'yo na ba Ito? Magtatapos na po ako, saglit na lang ngayon. Atrasado na, kita n'yo.

²⁰² Katulad ng ginawa ng kanilang mga magulang, ganoon din sila, siya ring bagay ngayon. Ngayon, ang pagpapasya ay dumating na. Darating at darating nga ito. Darating at darating ka nga, sa kung anong paraan. Kita n'yo? Ipapako muli ang Salita sa krus, o ano ang gagawin n'yo? Nalalapat na ang pagpapako ng Salita sa krus. Ipapako't pahihintuin ang pinatotohanang Salita, para—para sa kapakanan ng denominasyon, gaya ng ginawa noon ni Pilato, ipinapasa sa iba.

Ngayon anong gagawin n'yo, bilang isang indibiduwal, anong gagawin n'yo sa pinahirang Salita na tinatawag na Cristo?

Ang siya ring kahapon, ang siya ring Cristo na pinahiran ang Salita sa panahon ni Noe. Ang siya ring Cristo, ang—ang Punongkahoy na 'yun na nasa halamanan ng Eden noon; na iniwan ni Eba, na ayaw nang kumain mula sa Punongkahoy ng Buhay, para kumain sa punongkahoy ng kaalaman; siya, kanyang iniwan ang Punongkahoy ng Buhay, para piliin ang punongkahoy ng kamatayan. Ganoon din ang nangyari sa panahon ni Noe. Sa mga araw ng mga propeta, ganoon din ang ginawa ng mga tao. Sa panahon ni Cristo, ganoon din ang ginawa ng mga tao.

At heto sila uli sa panahon ngayon. Yamang ang bawat isa'y ipinapangusap ang kanilang panahon, at, kapag ang bagay na 'yun ay natupad, sa bawat pagkakataon ay ginagamit nila ang kanilang maka-denominasyon na pangangatwiran, at kung ano pa, at ang kaalaman ng mundo sa halip na ang pinahirang Salita ni Cristo. Anong gagawin n'yo, bilang isang indibiduwal?

²⁰³ Hindi Siya kailanman naalis ni Pilato mula sa kanyang mga kamay. Ako po'y—ako po'y patapos na, kaya maging taimtim lang pansumandali. Hindi Siya naalis ni Pilato mula sa kanyang mga kamay. Ganoon din sa inyo, sa paraan na ginawa ni Pilato noon, na kung anu-anong diskarte ang sinusubukan. Hindi niya kailanman naalis. Alam n'yo ba kung anong nangyari kay Pilato? Nawala siya sa tamang pag-iisip. Dumating sa punto na ang lahat na lang ng naririnig niya ay tungkol sa pagpapako sa krus na 'yun. Ang tanging naririnig niya ay galit, na siya'y nabaliw na.

²⁰⁴ At may alamat sila roon sa Norway, o hindi. . . Pasensya na po pala. Doon sa Switzerland; kung saan, nakapunta na ako roon, para sa isang pagmimisyon. Sinasabi nila na libo-libo ang nagkakatipon doon, mula sa iba't ibang panig ng mundo, tuwing araw ng Biyernes Santo; dahil may lawa ng tubig doon kung saan nagpakamatay si Pilato. Sa huli'y ibinulusok niya ang kanyang sarili sa kamatayan sa lawa ng tubig na ito. At sinasabi nila na tuwing Biyernes Santo, nang alas tres nang hapon, nagiging asul ang tubig, bumubulubok daw 'yung dako kung saan naroon nahimlay ang katawan ni Pilato. Kanya ngang tinanggihan Ito. May Dugo pa rin sa kanyang mga kamay. At kanyang tinanggihan, kanyang inayawan; haya't ang tubig.

Hindi n'yo Siya mawawaglit sa paghuhugas ng inyong mga kamay. Walang tubig, walang matapang na sabon, ang makakapag-alis Nito. Siya'y nasa inyong mga kamay. Anong gagawin n'yo sa Kanya?

²⁰⁵ Heto ang tanging bagay na maaari n'yong gawin. Yamang hindi n'yo Siya maiwawaglit sa paghuhugas ng inyong mga kamay; hindi n'yo Siya maipapasa sa kung ano pang iba; hindi

n'yo magagawang mahiwaga na lang itong ipagpaliban. Walang ganoon sa mundong ito. Ang tanging bagay na magagawa n'yo ay tanggapin Ito, sa inyong puso. Sa ganoong paraan n'yo Siya maaalis. Alisin n'yo Siya mula sa inyong mga kamay at ilagay n'yo Siya sa inyong puso, o hayaan n'yo Siya sa inyong mga kamay at tatayo sa Paghatol. Yun lang ang tanging bagay na magagawa n'yo.

Terible ang naging katapusan ni Pilato.

206 Sinasabi ng Salita na sila na pinapanatili Siya sa kanilang mga kamay . . . Babasahin ko po sana Ito. Heto't ang sabi Nito, "Sumigaw sila sa mga bato at mga bundok. Nanalangin sila, pero huli na ang pananalangin nila." Kita n'yo? Sumigaw sila, "Itago kami mula sa Kanyang mukha na nakaupo sa Luklukan, at mula sa galit ng Cordero, na 'yun nga'y sa . . . Ang Lalaking Tupa, ang buhay ng Cordero na dumating. Dahil, kapag ang matinding Araw ng Paghatol ay nangyari na, haya't sino ang makatatayo?"

207 Sa palagay n'yo ano ang gagawin ngayon ni Oswald kapag pupunta na siya roon sa harapan ng Kataas-taasang Hukuman, at makikita ang galit na mga mata ng—ng hurado na nakaupong lahat doon? Alam na niya kung anong mangyayari. Alinman sa gas chamber, o sa lubid na pambitay roon, o kung ano pang iba. Haharap at haharap siya rito.

208 Pero ano kaya kung lalakad kayo roon na may Dugo sa inyong mga kamay, ng pagtanggì? At nalalaman na ang impyerno'y nasa harapan n'yo mismo, ang Walang Hanggan na pagkawasak; sumisigaw sa mga bato't mga bundok; liban sa pananalangin, dahil huli na ang lahat para sa pananalangin.

Sa Mga Hebreo 10, "Kung tayo'y magkakasala nang sadya." Ang *kasalanan* ay "di-pananampalataya." "Kung tayo'y magkakasala nang sadya matapos na matanggap natin ang Katotohanan, ang kaalaman ng Katotohanan." Hindi n'yo na kailangan pang tanggapin Ito; 'yung malaman lang ang tungkol Dito. Hindi n'yo na kailangan pang tanggapin Ito, inyo lang . . . Oh, hindi, hindi na. Kita n'yo? Hindi sinabi na, "matapos na matanggap natin ang Katotohanan."

. . . kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating . . . matanggap ang pagkakilala na 'yun ay katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan,

Kundi isang . . . kakilakilabot na paghihintay sa . . . ang kabangisan ng apoy, . . . na lalamon sa kaaway,

. . . Dahil sinabi ng Diyos, Akin ang Paghihiganti, at Ako ang gaganti, sabi—sabi ng Panginoon.

209 Kung di natin Ito sasampalatayanan, nang sadya, matapos na maipresenta sa atin ang Katotohanan, wala nang kaawaan pa. Wala nang maibibigay na kaawaan.

Sa pastor, na nakikinig sa teyp na ito, ano na po? Sa miyembro ng iglesia, na nakikinig sa teyp na ito, ano na po? Ano ang gagawin n'yo, kung sasadyain natin na di Ito sampalatayanan? Hindi n'yo Ito maiwawaglit sa paghuhugas ng inyong mga kamay. Hindi n'yo Ito maipapasa sa mga punong-himpilan. Babalik at babalik Ito, sa inyo mismo. Napakinggan n'yo na kasi Ito. Paano na kayo? Paano kayo tatayo sa Araw na 'yun?

Maaaring Siya'y nasa inyong mga kamay o nasa inyong puso, doon o sa isa pa. Tulungan nawa tayo ng Diyos.

²¹⁰ Kung—kung iisipin n'yo ang isang pagpatay, at kung ano ang siguradong nangyayari sa puso ng lalaking 'yun! Ano itong nagawa niya? Huli na nang magising siya, tapos na niya itong nagawa.

Tingnan n'yo, may pagkakataon sana siya. Ipinanganak siya na isang malayang Amerikano. Isa siyang Amerikano. Pero ginusto niya na ipagbili ang kanyang pagkapanganay, para maging isang Ruso, at bumalik 'yun sa kanya. Nag-asawa siya ng isang babaing taga-Rusya. Ngayon siya'y isang malayang-utak ng partido komunista ng Cuba.

Malayang-utak, “Ako ang gumagawa ng sarili kong pag-iisip.” Wala ka ngang maiisip para sa parating na ito. Anong gagawin n'yo kay Jesus na tinatawag na Cristo? Hindi ka malayang-utak. Walang ganoon na malayang pag-iisip. Mangagkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip na ito'y nakay Cristo rin naman.

Manalangin tayo.

²¹¹ Bulayin n'yo ang mga pag-iisip na ito, “Kung may anumang papuri, kung may anumang kagalingan, bulayin n'yo ito.” Sa kalagitnaan natin sa umagang ito, at sa teyp na ito, rin, ako'y nangungusap. Kung narito kayo sa umagang ito, at alam n'yo na kayo'y hindi matuwid sa Diyos, at hindi pa kayo naipapanganak sa Kanyang Espiritu, at ang Diyos ay . . .

Sasabihin n'yo, “Buweno, nakapaghayag na ako.” Hindi 'yan ang sinasabi ko. Tinanggap na ba 'yan ng Diyos? Maaaring masabi n'yo, “Oo, ako'y—ako'y nakapaghayag na, at kung ano pa. Oo, naniniwala ako.” Ganoon din si Pilato, “Nakapaghayag na ako, tunay, 'Anong gagawin ko sa matuwid na Lalaking ito?’” Hindi n'yo Siya maaalis sa paghuhugas ng mga kamay n'yo katulad n'yan. Hindi, hindi.

²¹² Anong gagawin n'yo sa Kanya? Kung hindi pa kayo naipapanganak na muling Cristiano, na may Espiritu Santo na na nabubuhay sa inyo, na pinagyayaman ang inyong Buhay, kung ganoon bakit di n'yo pa tanggapin Ito ngayon? Hinding-hindi n'yo Ito maiwawaglit sa paghuhugas ng inyong mga kamay. Hindi n'yo kailanman maririnig ang Mensaheng ito na matatapos. Aalingawngaw at aalingawngaw ito hanggang sa

dalhin n'yo ang Mensahe sa inyong puso, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

²¹³ Sa mga narito't dumalo sa umagang ito, mayroon ba sa mga narito na napagtatanto, na sila'y mali, at nais n'yong magtaas ng mga kamay. Wala tayong espasyo para tumawag ng pagdudulog sa altar, punung-puno ang lugar. Kaya naman sabihin n'yo lang po, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham. Tulungan nawa ako ng Diyos." Pagpalain ka ng Diyos, nakikita ko ang kamay mo. "Haya't, nais ko, ngayon. Dito mismo'y inaasam ko, sa harap ng Diyos, yamang nalalaman Niya na ako'y nagkasala, at napagtatanto ko na ako'y nagkasala. Nais ko—nais kong alisin Siya sa mga kamay ko; nais ko Siya sa puso ko." Itaas n'yo ang kamay n'yo, sabihin, "Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham." Pagpalain kayo ng Diyos. Nakikita ko, sa bilang ng mga tao rito, marahil apatnapu, limampung kamay ang nakataas dito.

Tumatawag ngayon, tumatawag ngayon,

Bulayin n'yo ito ngayon, Siya ito na tumatawag. Si Jesus ay tumatawag. Siya ito na nangungusap sa inyo.

²¹⁴ Ganoon na lamang bang katindi ang pagkakasala n'yo, na kinalyo na ang puso n'yo, na hindi n'yo na gusto, haya't ayaw n'yo na ltong marinig pa? Noon, bilang batang paslit na lalaki o batang paslit na babae, narinig n'yo Ito. May pagnanais kayo na gawin ito, pero isinantabi n'yo Ito, at pinabayaan n'yo ang mga hiwa't hatak na 'yun na maging kalyo at maging kalyo. Masyadong lumaon na ba ang panahon na hindi n'yo na ito nais pang pakinggan? Nakatayo na ba kayo sa dako... na ang inyong... sa dako na katulad sa kinatatayuan ni Oswald ngayong umagang ito, na alam n'yo? Uh! Paano n'yo gagawin?

Mayroon pa po bang iba bago lamang tayo magtapos at dudulog ako sa panalangin? Sige't kahit saan sa gusali, na hindi pa nakakapagtaas ng inyong kamay, sabihin, "Kapatid na Branham, mula nang sabihin mo ang huling mga salita na 'yan, aking—aking nararamdaman 'yan." Sinuman, sa labas, sa mga pasilyo, palibot sa mga bintana, saan man, hindi na mahalaga. Sige't...

²¹⁵ Pagpalain ka ng Diyos, kabataang binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo, ikaw. Ikaw nga. Siya'y nasa... Pagpalain ka ng Diyos, binibini. May iba pa ba? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, dito. At pagpalain ka ng Diyos sa dako riyan, munting batang lalaki, munting batang babae. Oo, pagpalain ka ng Diyos. Diyan sa likod, ginoo. Sige.

Ngayon sige't bulayin natin ito ngayon. Nais kong gawin n'yo ito habang taimtim nating inaawit ito, *Jesus Is Calling*. Ngayon nais kong sabihin n'yo mismo, "Panginoon, mahabag Ka po sa akin, na isang makasalanan, o isang mapagpanggap. Isa akong miyembro ng iglesya, Panginoon, pero ang nais ko—

ko—ko ay Ikaw. Nais Kita. Iyo pong tulungan ako! Aking—aking paglilingkuran Ka. Ipinapangako ko ito, ngayon mismo. Itinaas ko ang kamay ko, na nais Kita. Ngayon Iyong itinaas ang aking puso, para tanggapin Kita, at aking tatanggapin Ka sa aking puso.” Habang inaawit natin ang talata uli, magagawa n’yo ba?

Calling today, calling today,

²¹⁶ Ngayon manalangin kayo sa sarili n’yong paraan. Manalangin kayo ngayon.

Jesus calling . . .

Siya ’yan na nangungusap. Yan ang dahilan kung bakit itinaas mo ang iyong kamay.

. . . tenderly calling today.

Jesus is calling, O list to His Voice,
Hear Him . . .

Ngayon mismo, pakinggan n’yo Siya. Sabihin, “Panginoon, ako’y nagkasala. Ang Iyong Dugo ay nasa mga kamay ko. Isa akong makasalanan. Hindi ko na gustong Ito’y naroon pa. Hindi ko Ito maiwaglit sa paghuhugas; sinubukan ko na ito, nang maraming taon. Hindi Kita itatakwil gaya ng ginawa ni Pilato, at magtatangka na ipasa Ka sa iba. Nais Kita. Pumarito Ka sa puso ko, ngayon mismo, Panginoon. Tatanggapin Kita. Nakikita Kita na nakatayo sa harap ko, gaya ng isang larawan na nakatayo riyan; sa pamamagitan ng pananampalataya ay lumalakad ako patungo sa Iyo, nalalaman na ako’y Iyong pinatatawad. At ako’y . . . Ikaw po’y mapapasapuso ko, mula ngayon.”

. . . today,

Ang lahat ay manalangin.

Jesus is calling, He’s tenderly calling today.

²¹⁷ Makalangit na Ama, tapos na po ang munting mensahe. At ngayon, ang mga pagpapasya, nakahanda ang mga korte sa umagang ito. Ang mga anghel ay nagkakatipon na sa silid. Ang dakilang Espiritu Santo rito’y nagbibigay ng pagpapatibay na si Jesus ay nabubuhay pa rin. Siya ang bukal ng Buhay na Walang Hanggan. Hindi Siya kayang panatilihin ng libingan, hindi rin Siya kayang panatilihin ng impyerno. Siya’y pumaitaas; kumawala mula sa impyerno, kumawala mula sa libingan. At Siya’y nakatayo sa kalagitnaan namin, sa araw na ito.

At ang aming mga kredo’t denominasyon ay tumali ng marami naming mga kababayan, Panginoon. Ginapos sila ng kasalanan, pero ngayon nagnanais sila na lumaya. Nakatayo sila na parang si Pilato, at, sa halip na Siya ay ipasa sa ibang tao, kanilang itinaas ang kanilang mga kamay, “Ikaw po’y pumarito sa aking puso, Panginoong Jesus. Hindi Kita iwawaglit sa paghuhugas kailanpaman. Hindi ko maatim na gawin ito. Ikaw po’y nasa aking mga kamay pa rin. Naghugas ako nang naghugas, at hindi Ka po maiwaglit, anupa’t ngayon ay

tinatanggap Kita. Nais Kita sa buhay ko, at tinatanggap Kita sa aking buhay. Panginoon, tanggapin Mo ako sa Iyong Kaharian, sa pagpapatawad ng aking mga kasalanan, at bigyan Mo ako ng pananampalataya na ako'y Iyong tinatanggap, Ama." Iyo pong ipagkaloob ito. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, nananalangin kami.

²¹⁸ At ngayon, habang nakayuko ang inyong mga ulo, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pananampalataya, "At, Diyos, Iyo pong tulungan akong maging tapat, yamang nalalaman ko na Iyong ipinangako 'yun na 'Ang lumalapit sa Akin, ay hindi Ko itataboy. At Aking bibigyan siya ng Buhay na Walang Hanggan, at Aking ibabangon siya sa huling mga araw. Ang kumikilala sa Akin sa harap ng mga tao, siya ay Aking kikilalanin sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel. Ang dumidinig,'" ang tunay, na totoong interpretasyon ng San Juan 5:24 diyan, ay, "ang nakakaunawa, na tumatanggap ng Aking Salita. Ang tumatanggap ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may walang katapusang Buhay, at hindi tatawagin sa Paghatol." Hindi na kayo dadako sa Dako ng Paghatol gaya ni Oswald. "Bagkus kayo'y lumipat na," na may malayang pagpapatawad, "mula kamatayan patungong Buhay."

²¹⁹ "Panginoon, hindi ko po alam kung paano, hindi ko alam kung bakit, pero—pero naniniwala ako na nangyari nga. Sinasampalatayanan ko 'yan, sa puso ko, na ang dipananampalataya ko'y nawala na. Malaya ko nang masasabi ang 'amen' sa bawat Salita na Iyong sinasabi, at aking tinatanggap Ito ngayon. Sinasampalatayanan ko ito."

²²⁰ Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo. Kayo na sinasampalatayanan 'yan, na nagtaas ng kanilang mga kamay kani-kanina lang, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakikita n'yo ang larawan ni Cristo na nakatayo riyon, na dapat ay naroon kayo, kayo'y lumalakad na ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya, naniniwala na ang inyong mga pagkakasala'y pinatawad na. At mula sa araw na ito, handa na kayo sa Cristianong pagbabautismo, at handa na kayo ngayon na lumakad kay Cristo. Magagawa n'yo ba, bilang pagpapatotoo sa Kanya, na itaas n'yo uli ang inyong mga kamay, sabihin, "Sa pananampalataya ay sinasampalatayanan ko Ito nang buong puso ko"? Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam 'yan. "Akin ngayong tinatanggap Ito. Aking—aking tinatanggap; wala akong magagawa sa sarili ko." Pagpalain kayo ng Diyos. Mukha pong lahat mismo nang nakita ko. "Akin ngayong tinatanggap."

²²¹ Kita n'yo, kayo'y walang kabutihan, hindi kayo mabuti kailanman, hindi kayo maaaring maging mabuti, kaya't namatay si Jesus para sa mga taong walang kabutihan. "Anong kailangan kong gawin, Kapatid na Branham?" Tanggapin n'yo lamang ang bagay na ginawa Niya, tanggapin n'yo lamang ang bagay na

ginawa Niya para sa inyo. At ngayon sa pagsampalataya n'yo Rito at pagtanggap Dito. . .

Ngayon, naniniwala ako, ang pastor, bubuksan na niya ang dako ng pagbabautismo. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Opo."—Pat.] Inihahanda na ang pagbabautismo, kung nais n'yong mabautismuhan.

Kung ang pinambautismo sa inyo ay mga titulo, "Ama, Anak, Espiritu Santo," tunay nga na kayo'y. . . Sinasabi ko po ito nang may pagpipitagan at paggalang, pero, sa paraan ng pagkakakita ko rito, hindi kayo bautismado. Hindi kayo bautismado, dahil hindi n'yo sinunod ang bagay na sinabi Niya.

²²² Ang sabi Niya, "Bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Kung ang ginamit sa inyo ay yaong mga titulo na 'yun; anupa't hindi Niya sinabi, "Humayo kayo na ginagamit ang *mga titulo* na ito; humayo kayo na ginagamit ang *mga pangalan* na ito." Hindi 'yun kailanman ginanap nang ganoon sa Biblia. Hindi 'yun kailanman ginanap nang paganoon. Ang mayroon nga, ay paraan ng sinabi ni Jesus na pagbabautismo, "Sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo," na siyang Jesus Cristo.

²²³ Si Pedro, na nasa kanya ang mga susi na 'yun, ay sinabi ang siya ring bagay, bawat alagad mismo, ang buong Iglesya, hanggang sa sinaunang Konseho ng Nicea noong mag-organisa ang Romano Katoliko, na tinanggap ang mga titulo sa halip na 'yung Pangalan. Alinman sa nabautismuhan kayo sa Romanong mga dogma ng denominasyon, o nabautismuhan kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo, alin lang sa isa riyang o 'yung sa isa. Nasa mga kamay n'yo Ito, hindi n'yo Ito maiwawaglit sa paghuhugas, nandiyan pa rin Ito.

Inyo na Itong tinanggap ngayon. Hihilingin ko kayo, habang ang—habang ang organista at piyanista'y bumabaling sa pamilyar na lumang himno na 'yan:

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
And take all my guilt away,
And let me from this day
Be wholly Thine!

²²⁴ Wala po munang lalabas ng gusali. Tumayo lamang nang may pagpipitagan ngayon, at itaas natin ang ating mga kamay sa Kanya ngayon.

My faith looks up to Thee, (At Siya ang Salita.)
Thou Lamb of Calvary,
Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
Take all my sin away,

O let me from this day
Be wholly . . .

Buo at lubusang, Iyo! Akin ngayong isinusuko ang aking buhay.

²²⁵ Ang tubig ay handa na sa ilang minuto na lang. Kung hindi kayo makapagpabautismo ngayon, kami'y magbabautismo uli mamayang gabi.

Bulayin n'yo 'yun, buong hapon, "Sa inyong mga kamay." Inyong alisin ito. Ang tanging paraan na magagawa n'yo ito, ay, mahugasan sa Dugo ni Jesus Cristo, na Siyang . . . Kita n'yo? Siyanga, po. Gunitain n'yo ito ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. Tumuon kayo sa Kanya ngayon.


While life's dark maze . . .

²²⁶ Ang pagpapasya'y nasa puso n'yo na ngayon. Siya'y nasa paglilitis. Nakaumang na ang Salita sa pagpapapako sa krus. Si Cristo ay nililitis. Ano ang gagawin n'yo kay Jesus na tinatawag na Cristo?

Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow, tears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga puso rito. [Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *My Faith Looks Up To Thee*—Pat.]

²²⁷ Bulayin n'yo nang malalim, mga kaibigan. Marahil ang pangalan n'yo ang huling pangalan na mailalagay sa Aklat. Nasa huling panahon na tayo. Ngayon bulayin n'yo nang talagang malalim. Kayo ba, mayroon ba rito na itinakwil Siya?

²²⁸ Alalahanin n'yo, marahil hindi na ito mauulit pa. Si Pilato nga'y di na nabigyan ng ibang pagkakataon. Sinubukan niya ang mainam niyang makakaya para maligtas, at hindi niya magawa. Nasa kamay niya nga Ito noon. At ano ang gagawin n'yo sa pinahirang Salita para sa panahon na ito, na tinatawag na Cristo? 

63-1124M Ano Ang Gagawin Ko Kay
Jesus Na Tinatawag Na Cristo?
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org